© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

# ANG SULAT SA MGA TAGA-FILIPOS

## Panimula

*"Isang munting aklat ng kagandahang-loob na nababalutan ng biyaya."*

—J. H. Jowett

## I. Ang Natatanging Bahagi sa *Canon*

Napakahalaga para sa mga tagasunod ang pagkakatatag ng "unang iglesya" sa alinmang lungsod. Ipagpalagay na ang kahalagahan noon ng unang kilalang iglesya, hindi lamang sa isang bayan, kundi sa buong Europa pa. Ganoon ang pagtitipon sa Filipos sa sinaunang Macedonia (kanlurang Gresya). Dapat magalak ang mga Cristiano sa Kanlurang bahagi ng mundo (at pati na rin ang mga hindi Cristiano, kung alam lamang nila ang pagpapalang bunga ng Cristianismo na kanilang tinatamasa) dahil pinakinggan ni Pablo ang ang utos na pumunta siya sa Macedonia. Nagtungo siya sa kanlurang bahagi ng mundo at hindi sa silangan, at ipinangaral niya ang ebanghelyo sa Emperyo ng Roma. Kung hindi nagsimula sa Europa ang ebanghelyo, marahil ang mga taga-Asya ang nagsusugo ngayon ng mga Cristianong misyonero sa Europa at Kanlurang Amerika sa halip na kabaligtaran.

Mapagbigay ang kapulungan sa Filipos at palagi silang nagpapadala ng tulong kay Pablo. At iyon ang dahilan kung bakit naisulat ni Pablo ang sulat na ito ng pagpapasalamat.

Pero higit pa rito ang mga taga-Filipos. Maituturing ang liham na ito na sulat ng kagalakan—ang mga salitang "kagalakan" at "magalak" ay mababasa ng halos labindalawang ulit sa apat nitong kabanata. Alam ni Pablo kung paanong magalak sa masayang panahon o sa mahirap na panahon man (4:11). Isa pa, mayroong kaunting pagtatalo o negatibong babala sa sulat na ito.

Ang pinakamahalagang dahilan kung bakit puwedeng magalak ang mga Cristiano ay dahil ang Anak ng Diyos ay nakahandang pumunta sa mundo bilang isang Tao—at bilang isang alipin pa nga. Hindi Siya tumigil sa paggagamot at pagtuturo. Pumunta Siya hanggang sa dulo ng kamatayan—maging ito man ay kamatayan sa krus. Sinulat ni Pablo sa Filipos 2:5-11 ang dakilang katotohanang ito sa isang magandang talata na pinaniniwalaan ng marami na isang sinaunang Cristianong himno. Maging ang talatang ito ay nagtuturo ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pagpapakumbaba. Ang doktrina ay mahalaga sa Bagong Tipan. Ang ibang iglesya ngayon ay hindi nagpapahalaga sa doktina at hindi maganda ang resulta nito.

Ito ang aklat ng Filipos na isa sa pinakakaaya-aya at kaakit-akit na aklat sa buong salita ng Diyos.

**II. Pagkaka-akda**

Itinuturing ng marami sa mga iskolar na si Pablo ang may akda ng Filipos. Ipinapalagay naman ng ibang iskolar na nakakita sila ng *dalawang* sulat na pinagsama sa Filipos, o kaya naman ay isiningit ang talata tungkol sa pagiging alipin ni Cristo (2:5–11). Walang manuskritong magpapatunay sa mga teoryang ito.

Matibay ang *panlabas na ebidensya*. Ang mga taong naunang sumipi sa sulat na ito ay malimit na binabanggit na si Pablo ang sumulat nito. Isa na rito sina Ignatius, Clement ng Roma, Polycarp, Irenaeus, Clement ng Alexandria, at Tertullian. Ang “canon” ni Marcion at ang Muratorian Canon ay parehong nagsasabi na kay Pablo ang aklat na ito.

Maliban sa pagtukoy kay Pablo sa 1:1, ang buong estilo at paggamit ng salita ay gaya ng kay Pablo. Hindi mahalaga ang mga pagtatalo na nagsasabi na hindi si Pablo ang sumulat nito. Ang pagtukoy kasi sa “mga tagapangasiwa at mga tagapaglingkod” sa 1:1 ay humihingi ng petsa pagkatapos ng buhay ni Pablo. Maaaring totoo ito kapag nagbasa tayo ng mga *huling* ideya ng mga tagapangasiwa noong unang siglo. Pero ginamit ni Pablo ang salitang *tagapangasiwa* (*episkopoi*, ang salitang Griyego para sa mga tagapangasiwa o mga tagapamahala) na katulad sa mga *pastoral* na mga sulat at sa Mga Gawa 20:28 bilang kasingkahulugan ng salitang *obispo.* Isa pa, dapat bigyang pansin na ang isang kapulungan ay mayroong *maraming* tagapangasiwa.

Maganda ang pagkakasabi ni H. A. A. Kennedy tungkol sa *panloob na ebidensiya:*

> Mapapatunayan na si Pablo talaga ang nagsulat ng aklat na ito. Makikita dito ang natural na pagsasabi ng nararamdaman at nilalaman ng puso na hindi magagaya.[1]

## III. Panahon ng Pagkasulat

Gaya ng Efeso, Colosas, at Filemon, isinulat ang Filipos sa kulungan kaya nasa kategorya ito na “Mga Sulat sa Kulungan” (o Pagkabilanggo). Pero habang ang tatlo ay siguradong isinulat at ipinadala sa halos magkatulad na panahon (A.D. 60), malinaw na isinulat ang Filipos pagkatapos ng panahong ito. Sinabi ni Marcion na isinulat ni Pablo ang Filipos sa Roma at tugma ito sa 1:13 at 4:22, na tumutukoy sa Roma na lugar na pinagmulan. Dalawang taong nakulong si Pablo sa Roma. Ipinapalagay na isinulat ang Filipos malapit sa pagtatapos ng panahon ng kanyang pagkakakulong. Halimbawa, ipinapalagay ng 1:12–18 ang tiyak na panahon ng pagtuturo sa Eternal City simula nang dumating si Pablo. Tila ipinapahiwatig naman ng 1:12, 13, 19, 23–26 na madedesisyunan na ang kaso ni Pablo (at tila papalayain siya).

Ang mga datos na ito, kasama na ang panahon para sa mga sulat, mga pagbisita at mga kaloob na pera na ipinapahiwatig sa sulat, ay nagbibigay sa atin ng petsang A.D. 61

## IV. Pinagmulan at Tema

Isang dakilang araw iyon sa kasaysayan ng misyong Cristiano nang makaabot si Apostol Pablo sa Troas sa kanyang ikalawang paglalakbay para palaganapin ang ebanghelyo ni Cristo. Ang Troas ay isang bayan sa hilagang-kanlurang baybayin ng Asia Minor at sa kabilang ibayo

ng dagat Aegean sa Gresya. Isang gabi, nagpakita kay Apostol Pablo sa isang pangitain ang isang lalaking taga-Macedonia na nagsabi sa kanya" "Pumunta kayo sa Macedonia at tulungan kami" (Mga Gawa 16:9). Naghanda agad si Pablo para maglakbay papunta roon kasama sina Timoteo, Silas at Lucas. Ang unang bayang pinuntahan nila sa Europa ay ang Neapolis at naglakbay sila hanggang Filipos. Noong panahong iyon, nasa ilalaim ang Filipos ng pamamahala ng Emperyong Romano. Ang kanilang mga pinuno ay nagbuhat pa sa Roma at ang mga taga-Filipos ay pinagkalooban ng karapatang tinatamasa ng mga mamamayang Romano.

Nang araw ng Sabbath, pumunta si Pablo at ang kanyang mga kasama sa tabing-ilog na pinagtitipunan ng ilang mga babae na nananalangin doon (Mga Gawa 16:13). Isa sa mga babaeng iyon ay si Lydia na isang mangangalakal ng telang kulay-ube at Taga-Tiatira. Nang tanggapin niya ang ebanghelyo, siya ang naging kauna-unahang Cristiano sa kontinente ng Europa.

Pero ang pagtigil ni Pablo sa Filipos ay hindi naging mapayapa. Isang dalagang nanghuhula sa pamamagitan ng kapangyarihan buhat sa masamang espiritu ang nakita nila at sinundan sila na sumisigaw: "Ang mga taong ito'y mga alipin ng Kataas-taasang Diyos. Ipinapangaral nila sa atin ang daan ng kaligtasan" (Mga Gawa 16:17). Dahil ayaw nilang tanggapin ang patotoong galing sa isang taong sinasapian ng masamang espiritu, iniutos ng apostol na lumabas ang demonyo sa katawan ng dalaga. Nang makita ng mga amo ng dalagang ito ang nangyari ay nagalit sila kina Pablo dahil sa malaking pakinabang ang nakukuha nila sa panghuhula ng babae. Kinaladkad nila sina Pablo sa pamilihan sa harap ng mga pinuno ng bayan. Iniutos ng mga hukom na ito na parusahan sila sa pamamagitan ng pagpalo at ikulong sa bilangguan.

Nalalaman natin kung ano ang nangyari sa loob ng bilangguan sa Filipos. Nang hatinggabi, habang umaawit ng papuri sa Diyos si Pablo at si Silas, biglang lumindol nang malakas. Nabuksan ang lahat ng mga pintuan ng kulungan at naalis ang mga tanikala ng mga bilanggo. Sa pag-aakalang nakatakas ang lahat ng mga bilanggo, magpapakamatay na sana ang bantay. Nang makita siya ni Pablo, siniguro nito sa kanya na hindi nakatakas ang mga bilanggo. Pagkatapos ay sinabi ng bantay, "Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin para maligtas?" At ito ang hindi malilimutang sagot ni Pablo, "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka" (Mga Gawa 16:31). Muling nagtagumpay ang biyaya ng Diyos sa Filipos. Kinaumagahan, iniutos ng mga pinuno kina Pablo na umalis na sila. Tinanggihan ito ni Pablo. Ipinaalala niya sa kanila na isa siyang mamamayang Romano at ipinapalo nila at ikinulong siya nang walang kaukulang paglilitis. Pumayag na rin si Pablo matapos ng ilan pang pakiusap na umalis na sila. Matapos dumalaw sa tahanan ni Lydia ay umalis na sila (Mga Gawa 16:40).

Pagkaraan ng halos sampung taon, sumulat si Pablo sa mga taga-Filipos. Nasa bilangguan muli siya. Nabalitaan ng mga taga-Filipos na nasa bilangguan si Pablo kaya nagpadala sila ng kaloob na salapi. Si Epafrodito ang kanilang inutusang magdala nito kay Pablo. Matapos maibigay ito, nagpasiya si Epafrodito na manatili pa roon nang matagal para tulungan si Pablo sa mga paghihirap niya. Nagkasakit si Epafrodito sa paggawa ng mga tungkuling ito. Sa katunayan ay muntik na siyang mamatay. Pero kinahahabagan siya ng Diyos at pinagaling. Handa na siya ngayong bumalik sa sarili niyang iglesya sa Filipos na dala ang sulat na ito na naglalaman ng pagkilala ng apostol sa kagandahang-loob ng mga mananampalataya roon.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Ang sulat sa Filipos ay isa sa pinakamagiliw at pinakapersonal sa mga sulat ni Pablo. Malinaw na nahahayag dito na ang mga mananampalataya roon ay mahalaga sa kanyang puso. Habang binabasa natin ang sulat na ito, makikita natin ang bigkis ng pagmamahal na nagbubuklod sa dakilang apostol at sa iglesyang ito na kanyang itinatag.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

## BALANGKAS

I. Ang Pagbati ni Pablo, Papuri, at Panalangin (1:1–11)

II. Ang Pagkakakulong ni Pablo, mga Plano, at Pagsusumamo na Magsumikap (1:12–30)

III. Katuruan tungkol sa Pagkakaisa Batay sa Halimbawa ng Pagpapakumbaba at Sakripisyo ni Cristo (2:1–16)

IV. Ang Halimbawa ng Buhay Cristiano nina Pablo, Timoteo, at Epafrodito

V. Babala sa mga Bulaang Guro (3:1–3)

VI. Ang Pinagmulan ni Pablo at ang mga Bagay na Tinalikuran Niya para kay Cristo (3:4–14)

VII. Katuruan tungkol sa Makalangit na Pamumuhay na Inihalimbawa ng Apostol (3:15–21)

VIII. Pakiusap para sa Pagkakaisa, Pagtutulungan, Kagalakan, Pagtitiis, Pagiging Mapanalanginin, at Pagkakaroon ng Isang Disiplinadong Buhay (4:1–9)

IX. Pasasalamat ni Pablo sa Pinansyal na Tulong mula sa mga Kapatiran (4:10–20)

X. Pangwakas na mga Pagbati (4:21–23)

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

## Komentaryo

## I. ANG PAGBATI NI PABLO, PAPURI, AT PANALANGIN (1:1–11)

**1:1** Magkasama ang mga pangalan nina Pablo at Timoteo sa simula ng sulat na ito. Pero hindi ito nangangahulugang katulong si Timoteo sa paggawa ng sulat. Kasama siya nang unang dumalaw si Pablo sa Filipos kaya kilala siya ng mga kapatiran doon. Kasama ngayon ni **Pablo** si **Timoteo** habang sinusulat ng apostol ang sulat na ito.

Matanda na ngayon si Pablo (Filemon 9) habang bata pa si Timoteo. Ipinapakita rito na magkabalikat ang isang bata at isang matanda sa paglilingkod sa Panginoon. Magandang sinabi ni Jowett: "Ito ang pagbubuklod ng tagsibol at taglagas; ng kasiglahan at karanasan; ng kapusukan at ng karunungan; ng pag-asa at ng katiyakan."[2]

Pareho silang inilarawan bilang **mga alipin ni Cristo Jesus.** Pareho nilang minamahal ang kanilang Panginoon. Ang Kalbaryo ang nagbibigkis sa kanila para maglingkod sa kanilang Tagapagligtas habang panahon.

Ang sulat na ito ay para **sa lahat ng mga banal kay Cristo Jesus na nasa Filipos, kasama ang mga obispo at ng mga diakono.** Paulit-ulit ang salitang *lahat* sa sulat na ito. May magiliw na malasakit si Pablo para sa **lahat** ng mga nasa Panginoon.

Inilalarawan ng **mga banal kay Cristo Jesus na nasa Filipos** ang dalawang kalagayan ng mga mananampalataya. Sa kanilang kalagayang espirituwal, ibinukod sila ng Diyos para **kay Cristo Jesus.** At sa kanila namang kalagayang panlupa, nasa **Filipos** sila. Ipinapakita nito na nasa dalawang lugar sila sa iisang pagkakataon.

Binanggit din ni Pablo ang **mga obispo at mga diakono**. Mga matatanda o mga tagapamahala sa kapulungan ang **mga obispo**—mga nangangalaga sa kawan ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang halimbawa na banal na pamumuhay. Mga lingkod naman sa iglesya ang mga **diakono** na maaaring may kinalaman sa paglilingkod sa paraang materyal gaya ng pag-iingat ng pananalapi, at iba pang gawain.

Ito lamang ang tatlong uri ng mga tao sa iglesya—**mga banal, mga obispo, at mga diakono.** Kung mayroong mga pari noon ay binanggit din sana ito ni Pablo. Sa halip ay mga obispo (marami) at mga diakono (marami rin) lamang ang kanyang binanggit.

Mayroon tayo ngayong larawan ng simpleng buhay ng iglesya noong sinauna. Binanggit muna ang **mga banal**, kasunod ay ang kanilang *mga tagapatnubay sa espirituwal na bagay*, at ang huli ay ang kanilang *mga tagapaglingkod sa mga bagay na materyal*. Iyon lamang.

**1:2** Tulad ng karaniwang pagbati ni Pablo, gusto niyang magkaroon ang mga banal ng **biyaya … at kapayapaan**. Ang biyayang ito ay hindi ang biyaya ng kaligtasan na natamo ng isang makasalanan sa panahon na maging Cristiano siya, kundi ito ang **biyayang** dapat niyang palaging makamit mula sa luklukan ng biyaya ng Diyos para makatulong sa kanya sa bawat pangangailangan (Heb. 4:16). Gayundin naman, ang **kapayapaang** ninanasa ni Pablo para sa kanila ay hindi ang kapayapaan ng Diyos na nasa kanila na noon pang tanggapin nila si Cristo, kundi ang **kapayapaan** ng Diyos na matatamo sa pananalangin at pagpapasalamat (4:6, 7).

Ang dalawang pagpapalang ito ay **mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo**. Pinarangalan ng apostol ang Anak na gaya din na pagpaparangal niya sa Ama (Juan 5:23). Walang duda na para kay Pablo, Diyos si Jesu-Cristo.

**1:3** Nagsabi naman ngayon si Pablo ng isang awit ng pasasalamat. Hindi ito isang bagong bagay sa apostol. Umalingawngaw sa buong bilangguan sa Filipos ang awit nina Pablo at Silas noong una silang pumunta roon. Kahit na maaaring isa siyang bilanggo sa Roma sa mga sandaling sinusulat niya ito, umaawit pa rin siya ng mga “awit sa gabi.” Anong tibay ng pananalig ni Pablo! **Tuwing naaalala** niya ang mga taga-Filipos, umaapaw sa pasasalamat ang kanyang puso. Hindi lamang sila mga anak ni Pablo sa pananampalataya, kundi sa maraming paraan ay pinatunayan nilang sila ay isang ulirang iglesya.

**1:4** Sa bawat panalangin, puno ng **kagalakang** idinadalangin niya ang mga taga-Filipos. Para sa kanya, isang kaluguran na ipanalangin sila—hindi ito isang mahirap na gawain. Sa talatang ito at sa maraming mga bahagi ng sulat ni Pablo, nalaman nating isa siyang taong mapanalanginin. Hindi na kailangang pagtakhan kung bakit ginamit siya sa kahanga-hangang paraan ng Diyos. Kung ating iisipin ang lawak ng kanyang nilakbay at ang bilang ng mga Cristianong kanyang nakilala, mamamangha tayo kung paano siya nagkaroon ng matalik at personal na pagmamalasakit sa kanilang lahat.

**1:5** Ang tiyak na dahilan ng pagpapasalamat niya ay ang kanilang **pakikibahagi** sa gawain ng **pagpapalaganap ng ebanghelyo mula nang unang araw hanggang ngayon.** Maaaring kasama ng **pakikibahagi** ang pagkakaloob ng tulong na salapi. Pero kasama rin dito ang kanilang pagdalangin at ang buong puso nilang sigasig sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita. Nang banggitin ni Pablo ang **unang araw,** ay hindi puwedeng hindi natin isipin kung buhay pa ang bantay sa bilangguan nang basahin ang sulat na ito sa iglesya sa Filipos, Kung ganoon man, ang pagbanggit ni Pablo sa panimula ng sulat na ito para sa mga mananampalataya sa Filipos ay aantig sa puso nila.

**1:6** Dahil sa mabuting pasimula ng mga mananampalataya sa kanilang buhay Cristiano, **panatag** ang apostol na tatapusin ng Diyos ang **mabuting gawang** Kanyang **sinimulan.**

Ang gawaing sinimulan ng Kanyang kabutihan,
Tatapusin ng Kanyang kalakasan;
Ang pangako Niya’y Oo at Amen,
At kailanma’y hindi pa nabibigo.
—*Augustus M. Toplady*

Maaaring tumukoy ang **mabuting gawa** sa kanilang kaligtasan, o kaya naman ay sa kanilang aktibong pagkakaloob ng tulong pinansyal sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Tumutukoy ang **araw ni Jesu-Cristo** sa panahon ng Kanyang pagbabalik muli para kunin at dalhin sa langit ang lahat ng sumampalataya sa Kanya at puwede ring kasama nito ang paghuhukom sa Hukuman ni Cristo, kung saan ang paglilingkod para sa Kanya ay susuriin at gagantimpalaan.

**1:7** Sa palagay ni Pablo ay makatuwiran lamang na magpasalamat para sa mga taga-Filipos. Sa kanyang **puso**, iniingatan niya ang alaala kung paanong matapat nila siyang sinamahan, siya man ay nasa paglilitis, nasa bilangguan, o naglalakbay **sa pagtatanggol at pagpapatunay sa ebanghelyo.** Tumutukoy ang **pagtatanggol sa ebanghelyo** sa gawain ng pagsagot sa mga sumasalungat dito, habang ang **pagpapatunay sa ebanghelyo** ay may kaugnayan sa mas matatag na pagpapatibay ng mensahe sa mga puso ng mga mananampalataya na. Sinabi ni W.E. Vines: "Nadadaig ng ebanghelyo ang mga kaaway nito at pinalalakas ang mga kaibigan nito"[3] Ibig sabihin ng **biyaya** dito ay ang lubos na kalakasan mula sa Diyos para maisagawa ang gawain ng Panginoon sa kabila ng mahigpit na pagsalungat.

**1:8** Ang alaala ng kanilang matapat na pagtutulungan ay nagdudulot sa apostol ng **pananabik** na makasama silang muli. Tinatawag niyang **saksi ang Diyos kung gaano** ang pananabik niya **sa** kanila dahil **sa pagmamahal ni Cristo Jesus.** Lalong kahanga-hanga ang pahayag ng pagmamahal ni Pablo kung ating aalalahanin na ipinanganak siyang Judio at sumusulat sa mga taong Hentil. Pinawi ng biyaya ng Diyos ang dating galit, at iisa na sila ngayon kay Cristo.

**1:9** Pagkatapos ng pasasalamat ay ang panalangin. Hihiling ba si Pablo sa Diyos para sa kanila ng kayamanan, kaginhawaan, o kalayaan mula sa problema? Hindi. Ang hiniling niya ay na ang kanilang **pag-ibig** ay lalo pang madagdagan **sa kaalaman at sa lahat ng pang-unawa.** Ang pangunahing layunin ng buhay Cristiano ay ang **ibigin** ang Diyos at **ibigin** ang kapwa. Pero ang pag-ibig ay hindi lamang batay sa damdamin. Sa mabisang paglilingkod sa Panginoon, dapat nating gamitin ang ating karunungan at **pang-unawa.** Kung hindi, walang kabuluhan ang pagpapagal natin. Kaya nananalangin dito si Pablo na hindi lamang magpatuloy ang mga taga-Filipos na magpakita ng pag-ibig Cristiano, kundi na ang **pag-ibig** nila ay gawin nang may lubos **na kaalaman at sa lahat ng pang-unawa.**

**1:10** Ang pag-ibig na may ganoong liwanag ang makakatulong sa kanila para malaman ang mga bagay na higit na **magaling.** Sa bawat aspeto ng buhay, may mga bagay na mabuti at may higit na mabuti. Malimit na ang mabuti ay nakakalaban ng higit na mabuti. Para sa mabisang paglilingkod, dapat nating malaman ang kaibahan ng mga ito.

Ang pag-ibig na may pagkaunawa ang tutulong din sa kanila na maiwasan ang mga bagay na alanganin o talagang masama. Gusto ni Pablo na sila ay maging **tapat**,[4] totoo, at walang kapintasan **sa araw ni Cristo.** Ang pagiging **walang kapintasan** ay hindi nangangahulugang hindi nagkakasala. Nakakagawa tayong lahat ng kasalanan, pero ang taong walang kapintasan ay siya na nagpapahayag ng kasalanan sa Diyos, at tinatalikuran iyon, humihingi ng tawad sa mga

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

taong nagawan ng mali at nagsisikap na maibalik ang dating mabuting pagsasama hangga't maaari.

Ang **araw ni Cristo** sa talatang 6 ay tumutukoy sa pagkuha sa mga mananampalataya at ang kasunod na pagsusulit sa kanilang paglilingkod.

**1:11** Ang huling hiling ng apostol sa kanyang panalangin ay **mapuspos** ang mga Cristiano **ng mga bunga ng katuwrian,** o mga **bungang** nagmumula sa **katuwiran,** o lahat ng katangian ng buhay Cristiano. Galing ang mga katangiang ito kay **Jesu-Cristo** at ang layunin ng mga ito ay **sa kaluwalhatian at kapurihan ng Diyos.** Ang dalanging ito ni Pablo ay eksaktong katulad ng mga salitang matatagpuan sa Isaias 61:3, "upang sila'y matawag na mga punungkahoy ng katuwiran **(na mapuspos ng mga bunga ng katuwiran),** isang pananim ng Panginoon **(sa pamamagitan ni Jesu-Cristo),** para maluwalhati Siya **(sa kaluwalhatian at kapurihan ng Diyos.)"**

Isinulat ni Lehman Strauss na "ang salitang 'bunga' ay may malapit na kaugnayan sa ating relasyon kay Cristo at sa inaasahan Niyang mga bagay sa atin. Inaasahang maging mabunga ang mga sanga ng puno ng ubas."[5]

## II. ANG PAGKAKAKULONG NI PABLO, MGA PLANO, AT PAGSUSUMAMO NA MAGSUMIKAP (1:12–30)

**1:12** Natapos na ang panalangin. Sumunod na binanggit ni Pablo ang mga pagpapalang natanggap niya mula sa kanyang pagkakabilanggo. Tinawag ni Jowett ang bahaging ito na "Ang Pagpapala ng Pagsubok".

Gusto ng apostol na **malaman ng mga kapatid na ang mga bagay na nangyari sa kanya,** pati ang kanyang pagkakakulong, ay nagresulta ng **paglago ng ebanghelyo** sa halip na naging sagabal. Isa na naman itong magandang ilustrasyon kung paanong nadaig ng Diyos ang masasamang balak ng demonyo at mga tao. Nagbigay Siya ng tagumpay sa pangyayaring tila kasawian, at kagandahan mula sa abo. "May taglay na kasamaan ang tao, pero may sariling paraan ang Diyos."

**1:13** Una sa lahat, **nahayag** na ang **mga tanikala** ni Pablo ay **kay Cristo.** Ibig sabihin niya dito na lumaganap ang balita na nakulong siya dahil sa patotoo niya kay Cristo at hindi dahil sa anumang pagkakasala sa batas o paggawa niya ng masama.

Nalaman ng lahat ng mga **bantay ng pretorio** at sa iba pang dako ang tunay na dahilan ng kanyang **mga tanikala.** Maaaring tumukoy ang **bantay ng pretorio** sa: (1) buong **bantay** ng pretorio, o buong bilang ng mga sundalong Romano na nagbabantay sa **pretorio** na tahanan ng emperador, o (2) ang kabuuang pretorio mismo. Ang **pretorio** ay ang palasyo at kasama rito ang lahat ng nakatira at nagsisilbi rito. Sa alinman dito, sinasabi ni Pablo na naging patotoo ang kanyang pagkakakulong sa mga kinatawan ng Imperyong Romano na kinaroroonan niya.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Sinulat ni T.W. Drury:

> Ang mismong Romanong sundalo na naggapos sa kanya ay makakarating sa Haring Nero at magiging saksi na naghirap siya dahil kay Cristo.[6]

**1:14** Ang pangalawang mabuting resulta ng kanyang pagkakakulong ay nahimok na maging mas matapang ang ibang mga Cristiano sa pagpapatotoo para sa Panginoong Jesus. Madalas na nababago ng pag-uusig ang mga tahimik at mahihiyaing mananampalataya para maging matatapang na mga saksi.

**1:15** Pagkainggit at pagpapaligsahan ang motibo ng mga puso ng iba. Ipinapangaral nila si **Cristo** dahil sa **pagkainggit** at pagtutol.

Tapat at dalisay naman ang motibo ng iba; ipinapangaral nila si Cristo **dahil sa mabuting kagandahang** loob para matapat na makatulong sa apostol.

**1:16** Lalong nagpapahirap sa pagkakakulong ni Pablo ang mga maiinggiting mangangaral. Mabuti ang kanilang mensahe pero masama ang kanilang kalooban. Nakakalungkot isipin na ang paglilingkod Cristiano ay maisasagawa rin para sa pita ng laman na inudyukan ng kasakiman, pag-aaway, pagmamataas at pagkainggit. Itinuturo nito na kailangang alamin natin ang ating motibo sa paglilingkod sa Panginoon. Hindi natin ito dapat gawin para itanyag ang ating sarili, para itaguyod ang isang sekta ng relihiyon, o para madaig ang ibang Cristiano.

Narito ang mabuting halimbawa na kailangan natin ang pag-ibig na may karunungan at pang-unawa.

**1:17** Ipinapangaral naman ng iba ang ebanghelyo **dahil sa** dalisay at tapat na **pag-ibig,** na **nalalaman na** si Pablo ay determinadong ipagtanggol ang **ebanghelyo.** Walang pagkamakasarili, maka-sekta o kalupitan sa kanilang paglilingkod. Lubos nilang nalalaman na nakulong si Pablo dahil sa walang takot niyang paninindigan sa **ebanghelyo**. Kaya ipinasiya nilang ipagpatuloy ang gawain habang siya ay nakakulong.

**1:18** Pero hindi nanghina si Pablo dahil sa maling mga motibo ng ilan. **Ipinapahayag si Cristo** ng dalawang pangkat, at para kay Pablo dapat niyang ikagalak ito.

Kamangha-mangha na sa ganitong mahirap na sitwasyon, hindi nalulungkot si Pablo para sa kanyang sarili o hindi niya hinahangad na kaawaan siya ng iba. Sa halip, puspos siya ng kagalakan ng Panginoon at hinihikayat ang mga mambabasa niya na magalak din.

**1:19** Nakakapagbigay sigla ang pag-asa. Alam ng apostol na ang lahat ng pangyayari ay patungo sa kanyang **ikaliligtas.** Ang **ikaliligtas** dito (KJV, "kaligtasan") ay hindi nangangahulugan ng kaligtasan ng kaluluwa ni Pablo, kundi ang kanyang paglaya mula sa pagkakakulong. Ang **panalangin** ng mga taga-Filipos at ang pagkilos o tulong ng **Espiritu ni Jesu-Cristo** ang mga paraang gagamitin ng Diyos sa pagpapalaya kay Pablo. Kamangha-mangha ang pagbibigay importansya ni Pablo sa mga panalangin ng mga mananampalataya. Itinuturing

niyang makapangyarihan ang mga panalangin para mahadlangan ang kapangyarihan ng Roma. Totoo ito. Maiimpluwensiyahan ng mga Cristiano ang kalagayan ng mga bansa at maging ang ating kasaysayan sa pamamagitan ng panalangin.

Ang ibig sabihin ng **saganang tulong ng Espiritu ni Jesu-Cristo** ay ang kapangyarihan ng Banal na **Espiritu** na aabot sa kanya—ang kalakasang ibibigay sa kanya ng Espiritu. Sa kabuuan, tumutukoy ito sa "walang hanggang pagpapalang ibinibigay ng Espiritu na nagpapatibay sa mga mananampalataya sa anumang pagkakataon."

**1:20** Dahil sa mga panalangin ng mga Cristiano at sa pagtulong ng Banal na Espiritu, sinabi ni Pablo ang kanyang pananabik at **pag-asa** na hindi siya **mapapahiya**, kundi lagi siyang magiging matapang at handang sumaksi para kay Cristo.

At kahit ano man ang maging resulta ng hatol—mapalaya man siya o **kamatayan** ang maging hatol—ang hangad niya ay **dakilain si Cristo sa** kanyang **katawan.** And dakilain ay hindi nangangahulugang mas itaas si Cristo. Dakila na Siya at wala tayong magagawa pa para lalo Siya maging dakila. Pero ang ibig sabihin ng dakilain ay parangalan din Siya at purihin ng iba. Ipinakita ni Guy King kung paano **madadakila** si Cristo sa ating katawan sa pamamagitan ng ating **buhay:**

> … Napaparangalan natin si Cristo sa ating buhay sa pamamagitan ng ating mga labi na nagpapatotoo para sa Kanya; ng ating mga kamay na masayang naglilingkod sa Kanya; ng ating mga paa na handang lumakad saan man Niya suguin; ng ating mga tuhod na nagagalak lumuhod sa panalangin para sa Kanyang kaharian; ng ating mga balikat na masayang pinapasan ang mabigat na pasanin ng isa't isa.[7]

**Nadadakila** rin si Cristo sa ating katawan **sa pamamagitan ng kamatayan**—mga katawang napagod sa paglilingkod sa Kanya; mga katawang inulos ng sibat; mga katawang winasak dahil binato o sinunog.

**1:21** Narito sa maikling pananalita ni Pablo ang kanyang pilosopiya sa buhay. Hindi siya nabuhay para sa pera, kasikatan o kaginhawaan. Ang layunin ng kanyang buhay ay ang ibigin, sambahin, at paglingkuran ang Panginoong Jesus. Gusto niyang ang buhay niya ay maging gaya ng kay **Cristo.** Nais ni Pablong makita sa kanyang buhay ang buhay ng Tagapagligtas.

**At ang mamatay ay pakinabang. Ang mamatay** ay ang makasama si Cristo at maging katulad Niya habang buhay. Paglilingkod ito sa Kanya ng pusong hindi nagkakasala at ng mga paang hindi kailanman naliligaw. Hindi natin karaniwang iniisip na isa sa mga pakinabang natin ang kamatayan. Malungkot mang isipin, ang pananaw sa ngayon ay tila "ang mabuhay sa mundo ay pakinabang, at ang mamatay ay ang katapusan ng pakinabang." Pero, sinabi ni Jowett: "Para kay Pablo, ang kamatayan ay hindi madilim na daanan kung saan mabilis na mabubulok ang lahat ng ating kayamanan; isa itong lugar ng mapagpalang kanlungan, 'isa itong natatagong daan patungong liwanag.'"[8]

**1:22** **Ngunit** kung kalooban ng Diyos para kay Pablo na **mabuhay pa** nang matagal **sa laman,** magiging mabungang **pagpapagal** ito para sa kanya. Matutulungan pa niya ang mga lingkod ng Panginoon. Pero mahirap na desisyon ito para sa kanya—ang kamatayan para

makasama na ang Tagapaglitgtas na kanyang minamahal, o mabuhay pa sa mundo para maglingkod sa Panginoon na pinakagusto din niyang gawin. Hindi niya alam kung alin ang **pipiliin.**

**1:23** Ang **maipit sa pagitan ng dalawa** ay ang magpasiya kung alin sa **dalawang** bagay ang pipiliin—ang pumunta sa langit o ang manatili pa sa mundo bilang apostol ni Jesu-Cristo.

Masigasig niyang ninanais **na umalis at makasama si Cristo, sapagkat ito'y higit na mabuti.** Kung iniisip lamang niya ang sarili niyang pakinabang, walang pag-aalinlangang ito ang kanyang pipiliin.

Pansinin na hindi naniniwala si Pablo sa haka-hakang pagtulog ng kaluluwa. Naniniwala siya na **makakasama** agad ng Cristiano **si Cristo** sa oras ng kanyang kamatayan at mararamdaman niya ang kagalakan sa presensya ng Panginoon. Magiging nakakatuwa siguro kung ang sinabi ni Pablo ay katulad ng sinasabi ng iba sa ngayon: "Ang mabuhay ay si Cristo; ang matulog ay pakinabang." O kaya naman, "Ang umalis at matulog ay higit na mabuti." Ang "pagtulog" sa Bagong Tipan (BT) ay tumutukoy sa *katawan* ng mananampalataya sa oras ng kamatayan niya (1 Tes. 4:14), at hindi ito kailanman tungkol sa kaluluwa niya. Haka-haka ang pagtulog ng kaluluwa.

Pansinin din na ang kamatayan ay hindi ang pagdating ng Tagapagligtas. Sa oras ng kamatayan, pupunta tayo para **makasama Siya.** Sa panahon naman ng Pag-agaw (*Rapture*), dadating ang Panginoon para isama tayo sa langit.

**1:24** **Dahil** sa kapakanan ng mga taga-Filipos, **higit na kailangan** ni Pablo na manatili pa sa mundo. Mapapahanga tayo sa dakilang puso ng taong ito. Hindi niya iniisip ang sarili niyang kaginhawaan, kundi kung ano ang higit na magpapasulong sa gawain ni Cristo at kapakanan ng Kanyang mga pinili.

**1:25** **At sa paniniwalang ito**—na kailangan pa siya sa mundo para magturo, mang-aliw, at magpalakas ng loob sa mga banal—alam ni Pablo na hindi pa siya ipapapatay nang sandaling iyon. Paano niya nalaman? Ipinaalam ito sa kanya ng Banal na Espiritu dahil nabubuhay siya nang may malapit na relasyon sa Panginoon. "Ang pakikipagkaibigan ng Panginoon ay para sa mga natatakot sa Kanya." (Aw. 25:14). Ang mga taimtim na nananahan sa Diyos at nagbubulay-bulay ng Kanyang mga salita ay nakakarinig ng mga lihim sa kabila ng mga ingay at bilis ng buhay sa ngayon. Kailangang lumapit tayo sa Diyos para marinig Siya. Pinakikinggan ni Apostol Pablo ang Diyos.

Kung mananatili siya sa katawang lupa, matutulungan ni Pablo na lumago sila sa kanilang espirituwal na **pagsulong at** madagdagan ang **kagalakan** na nasa kanila sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Panginoon.

**1:26** Dahil sa pagkakaloob sa kanya ng mas mahabang buhay at paglilingkod sa mundo, **magmamapuri** ang mga taga-Filipos sa Panginoon kapag dinalaw muli sila ni Pablo. Marahil ay sasalubungin nila siya at yayakapin nang buong pagmamahal, at buong kagalakang pupurihin

ang Panginoon kapag dumating siya sa Filipos. Sasabihin nila siguro, "Pablo, ipinanalangin ka namin, pero hindi namin inakala na makikita ka namin muli rito. Kaya pinupuri namin ang Panginoon na muli ka Niyang ibinalik sa amin!"

**1:27** Nagbigay ngayon si Pablo ng babala: **"Ang inyo lamang pamumuhay ay maging karapat-dapat sa ebanghelyo ni Cristo."** Dapat maging katulad ni Cristo ang mga Cristiano. Dapat kumilos nang maayos ang mga mamamayan ng langit. Dapat nating ibagay ang ating ginagawa sa ating katayuan bilang mamamayan ng langit.

Bukod sa pakiusap para hindi magbago, nakiusap din ang apostol para maging matapat. Lubos niyang hinangad **na kahit** nandoon siya sa Filipos o **wala man**, ang balitang maririnig niya tungkol sa kanila ay **naninindigan** sila sa isang **espiritu**. Nais din niyang nagkakaisa silang nagsisikap **para sa pananampalataya ng ebanghelyo** o ng pananampalatayang Cristiano. Hinaharap ng mga Cristiano ang isang kaaway. Hindi sila dapat maglaban-laban kundi magkaisa laban sa kaaway.

**1:28** Hindi rin sila dapat **matakot** sa mga kaaway ng ebanghelyo. May dalawang kahulugan kapag hindi nakaramdam ng takot sa harap ng pag-uusig. Una, tanda iyon ng kapahamakan sa mga lumalaban sa Diyos. Ikalawa, tanda ito **ng kaligtasan** sa mga matatapang na humaharap sa napopoot na kalaban. Marahil ang **kaligtasan** na ginamit dito ay sa hinaharap, na tumutukoy sa inaasahang paghango ng mga banal sa pagsubok at ang katubusan ng katawan niya pati kanyang espiritu at kaluluwa.

**1:29** Dapat alalahanin ng mga taga-Filipos na isang pribilehiyo **na magtiis** para kay **Cristo** at pati ang **manampalataya sa Kanya.**

Isinalaysay ni Dr. Griffith John na minsang pinaligiran siya ng mga napopoot na tao at pinagpapalo siya. Tinakpan niya ng kamay ang kanyang mukha at nang alisin niya iyon, nakita niyang duguan ang kamay niya. "Isang hindi pangkaraniwang karangalan ang naramdaman niya, at nagalak siya na ibinilang siyang karapat-dapat magdusa sa Pangalan ni Jesus." Hindi ba't kahanga-hanga na kahit sa pagdurusa ay naitataas ang Cristianismo sa gayong kadakilang kalagayan? Tunay na kahit "ang inaakalang walang halagang bagay ay nagniningas ng walang kamatayang apoy kung may pakikipagniig ito sa walang hanggang Diyos." Nabibigyang karangalan at kadakilaan ang krus ni Cristo.

**1:30** Mas madaling maunawaan ang kaugnayan ng talatang ito sa sinundang talata kung idadagdag natin ang mga salitang "Dahil nakibahagi kayo".

Ang pribilehiyong magdusa para kay Cristo ay ibinigay sa inyo, dahil nakibahagi kayo sa **gayunding** uri ng **pakikipaglaban na nakita ninyo sa akin** nang ako ay nasa Filipos **at ngayo'y nababalitaan** ninyo na patuloy akong nakikibaka.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

## III. KATURUAN TUNGKOL SA PAGKAKAISA BATAY SA HALIMBAWA NG PAGPAPAKUMBABA AT SAKRIPISYO NI CRISTO (2:1–16)

Kahit na uliran sa maraming bagay ang iglesya sa Filipos, at mainit na pinupuri ni Pablo ang mga banal doon, mayroon pa ring pagtatalo roon. May hindi pagkakasundo sa opinyon sa pagitan ng dalawang babae, sina Euodias at Sintique (4:2). Makakatulong na isaisip natin ito dahil sa kabanatang 2 ay direktang tinatalakay ng apostol ang dahilan at lunas sa hindi pagkakaisa ng mga anak ng Diyos.

**2:1** Ang gamit ng salitang **kung** sa talatang ito ay hindi nangangahulugan ng pag-aalinlangan kundi ng pangangatwiran. Nagbigay ang talata ng apat na dakilang layunin kung bakit dapat magkasundo at magtulungan ang mga mananampalataya. Tila sinabi ng apostol: "*Yamang* mayroong anumang kasiglahan **kay Cristo**, *yamang* mayroong anumang kaaliwan ang Kanyang **pag-ibig,** *yamang* pinagsasama-sama tayo **ng** Banal na **Espiritu** sa kamangha-manghang **pakikisama,** at *yamang* mayroong anumang **pagkagiliw at habag** sa Cristianismo, dapat tayong magkaisa ng may kagalakan."

Inilarawan ni F.B. Meyer ang apat na layuning ito gaya ng mga sumusunod:

1. Ang paghikayat ni Cristo.
2. Ang pangangalaga na ibinibigay ng pag-ibig.
3. Ang pananahan ng Espiritu.
4. Ang pagkahahabag sa kapwa tao.[9]

Malinaw na namamanhik ang apostol sa pagkakaisa dahil bawat isa sa kanila ay nagmamahal kay Cristo at pinananahanan ng Banal na Espiritu. Dahil sa mga bagay na na **kay Cristo,** ang mga miyembro ng Kanyang katawan ay dapat na magkaisa sa layunin, sa pag-ibig, sa pagkakasundo, at sa pagkahahabag.

**2:2** Kung mahalaga para sa mga taga-Filipos ang nabanggit na mga katwiran, namamanhik sa kanila si Pablo, batay sa mga katwirang ito, na **lubusin** nila ang kanyang **tuwa.** Hanggang sa oras na iyon, tunay na binibigyan ng mga taga-Filipos si Pablo ng lubos na kagalakan. Hindi niya iyon kailanman itinanggi, pero hinihiling niya ngayon na punuin pa nila ang kanyang katuwaan hanggang sa umapaw ito. Magagawa nila ito sa **pagkakaroon ng gayunding pag-iisip, pagtataglay ng gayunding pag-ibig,** at **pagkakaisa ng diwa,** at **may isa lamang pag-iisip.**

Ibig bang sabihin nito na inaasahang mag-isip at kumilos ng pare-parehas ang lahat ng Cristiano? Walang ganyang pahiwatig ang salita ng Diyos. Kahit na tiyak na inaasahan na dapat magkaisa tayo sa dakilang mga saligan ng pananampalatayang Cristiano, malinaw na sa maraming maliliit na bagay, dapat lamang asahan na magkakaroon ng pagkakaiba ng opinyon. Hindi magkatulad na bagay ang *pagkakapare-pareho* at *pagkakaisa.* Posibleng may pagkakaisa nang walang pagkakapare-pareho. Kahit na hindi tayo magkasundo sa maliliit na bagay, puwede pa rin nating palalimin ang sarili nating mga opinyon para sa kabutihan ng iba na hindi nasisira ang tunay na dakilang batayan.

Ang tunay na kahulugan ng pagkakaroon ng **gayunding pag-iisip** ay ang magkaroon ng kaisipan ni Cristo. Tingnan ang mga bagay na gaya ng pagtingin ni Cristo, at tumugon gaya ng pagtugon Niya. Ang ibig sabihin ng magkaroon ng **gayunding pag-ibig** ay ang ipakita ang gayunding pag-ibig sa iba na ipinakita sa atin ng Panginoon. Ito ang pag-ibig na hindi binigyang pansin ang hirap o sakit. Ang ibig sabihin ng **magkaisa ng diwa** ay magtulungan nang may pagkakaisa sa pagganap ng isang layunin. At ang huli, ang ibig sabihin ng **may isa lamang pag-iisip** ay ang kumilos nang may pagkakaisa para ipakita na ang isipan ni Cristo ang nangunguna sa ating mga gawain.

**2:3** **Huwag** dapat **gawin ang anuman sa pagpapaligsahan o pagmamataas,** dahil ang mga ito ang dalawa sa pinakamahigpit na kaaway ng pagkakaisa ng mga anak ng Diyos. Ang **pagpapaligsahan** ay ang hangad na maging una kahit na anuman ang kapalit. Tumutukoy ang **pagmamataas** sa pagmamalaki at pagpapakitang-tao. Kung saan may mga taong nag-iipon ng isang pangkat na laging kakampi niya o kasa-kasama para sa sariling hangarin, asahang magbubunga ito ng alitan at kaguluhan. Matatagpuan ang solusyon sa huling bahagi ng talata. **Sa kababaan, ituring na ang iba ay higit na mabuti kaysa inyong sarili.** Hindi nito ibig sabihin na dapat nating ituring ang mga kriminal na mayroong mas mabuting ugali kaysa atin, kundi na dapat tayong mabuhay para sa iba nang hindi iniisip ang sarili, at mas inuuna ang kapakanan nila kaysa atin. Madaling basahin ang ganitong pangaral sa salita ng Diyos, pero mahirap isabuhay at bigyang halaga ang tunay na sinasabi nito. Laban sa likas na isipan ng tao na **ituring ang iba nang higit na mabuti** kaysa sarili, at hindi natin ito magagawa sa sarili nating lakas. Matutupad lamang ito sa pananahan at pagbibigay sa atin ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

**2:4** Ang lunas sa mga problema ng mga anak ng Diyos ay ang pagkakaroon ng lalong pagmamalasakit sa **kapakanan ng iba** kaysa mga bagay na **pansarili.** Ang susi ng kabanatang ito ay ang salitang **iba** na tumutukoy sa ibang tao. Kapag taos-puso tayong naglilingkod para sa iba ay tsaka lamang tayo makakaahon sa makasariling hangarin na nagbubunga ng alitan.

Ang iba, Oo, Panginoon, ang ibang tao,
Ang maging hangarin ko;
Tulungan Mong mabuhay ako para sa iba,
Nang ako ay maging tulad Mo.

—Charles D. Meigs

**2:5** **Magkaroon kayo sa inyo ng ganitong pag-iisip na na kay Cristo Jesus din naman.** Ipapakita na ngayon ni Pablo sa mga taga-Filipos ang halimbawa ng Panginoong Jesu-Cristo. Ano ang katangian na ipinakita Niya? Ano ang ginawa Niya para sa iba? Inilarawan ni Guy King ang pag-iisp ng Panginoong Jesus ng ganito: (1) Ang pag-iisip na hindi makasarili; (2) Ang pag-iisp na nagpapasakit; (3) Ang pag-iisip na naglilingkod. Sa lahat ng sandali ay inisip ng Panginoon ang iba.[10]

Wala Siyang mga luha para sa sariling kapighatian,
Pero para sa akin, Kanyang dugo ay dumanak.

—Charles H. Gabriel

**2:6** Sa ating pagbasa na si Cristo Jesus ay **nasa anyo ng Diyos,** nalaman nating buhat pa Siya sa walang-hanggan bilang **Diyos.** Hindi nito ibig sabihin na naging kasing-anyo lamang Niya ang Diyos, kundi na Siya mismo *ay* Diyos.

Pero **hindi Niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos.** Mahalaga rito na makita ang kaibahan sa pagitan ng personal at posisyonal na pagkakapantay sa Diyos. Sa Kanyang Persona, kapantay ni Cristo ang Diyos. Imposibleng hindi Niya panghawakan iyon. Pero magkaiba ang posisyonal na pagkakapantay. Posisyonal na kapantay ni Cristo ang Kanyang Ama mula pa sa walang-hanggan, at tinatamasa Niya ang kaluwalhatian ng langit. Pero **hindi** Niya **itinuring** na ang posisyong ito ay isang bagay na dapat Niyang panghawakan. Nang kailangan ng katubusan ng mga tao, nakahanda Siyang talikdan ang Kanyang posisyonal na pagkakapantay sa **Diyos**—ang kaginhawaan at kagalakan ng langit. **Hindi** Niya **itinuring** ang mga ito na dapat Niyang panghawakan kailanman at kahit anumang mangyari.

Kaya, kusang loob Siyang pumarito sa lupa para tiisin ang pagtanggi sa Kanya ng mga makasalanan. Hindi kailanman niluraan, hinampas, o ipinako sa krus ang Diyos Ama. Sa bagay na ito, mas dakila ang Ama kaysa Anak—hindi sa pagka-Persona, kundi sa kalagayan at paraan ng pamumuhay ni Jesus dito sa lupa. Ito ang ibig sabihin ni Jesus nang ipahayag Niya sa Juan 14:28 ang ganito: "Kung Ako'y inyong minamahal, kayo'y magagalak sapagkat sinabi Ko, 'Ako'y pupunta sa Ama,' sapagkat ang Ama ay higit na dakila kaysa Akin." Sa ibang salita, dapat sanang magalak ang mga alagad na malaman nilang tutungo Siya sa tahanan Niya sa langit. Habang narito Siya sa lupa, pinagmalupitan Siya at hindi tinanggap. Nasa mababa Siyang kalagayan kung ikukumpara sa kalagayan ng Kanyang Ama. Sa gayong kahulugan, mas dakila ang Kanyang Ama. Pero nang umakyat Siya sa langit, naging kapantay na Siya ng Ama sa *Kanyang kalagayan* at maging sa *Kanyang Persona.*

Ipinaliwanag ni Gifford:

> Ang tinutukoy sa pangalawang bahagi ng talatang 6 ["hindi itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos"] ay hindi ang kalikasan o buod ng Kanyang pagka-Diyos . . . kundi ang *kalagayan ng buhay* Niya sa lupa; ang kalagayan sa lupa ay puwedeng mabago pero ang kalikasan ay hindi mababago. Gamitin natin ang sariling ilustrasyon ni apostol Pablo sa 2 Cor. 8:9, "Na bagaman Siya'y mayaman, subalit alang-alang sa inyo ay naging dukha, upang sa pamamagitan ng Kanyang kadukhaan ay maging mayaman kayo." May pagbabago rito sa *kalagayan ng buhay*, pero hindi ng kalikasan. Kapag yumaman ang isang taong mahirap, mababago ang *kalagayan* niya *sa buhay* pero hindi ang kalikasan niya bilang tao. Ganoon din sa Anak ng Diyos; mula sa mayaman at maluwalhating *kalagayan sa buhay* na dapat lamang sa Kanyang pagka-Diyos, nagkatawang-tao Siya, nagpakadukha at nagpakababang lubos ng *kalagayan* dito sa lupa alang-alang sa atin.[11]

**2:7** **Kundi hinubaran Niya ang kanyang sarili.** Ang literal na salin nito ay: "Inalis Niya ang lahat ng nasa Kanya." Ang tanong na mabilis na lilitaw ay, "Ano ang hinubad o inalis ng Panginoong Jesus sa Kanyang sarili?"

Kailangang maging napakamaingat tayo sa pagsagot sa tanong na ito. Ang mga taong nagsisikap na ipaliwanag ito ay malimit na inaalis kay Cristo ang Kanyang mga katangian ng pagka-Diyos. Ang sinasabi ng ilan, nang narito sa lupa ang Panginoong Jesus, nawala na raw sa

Kanya ang pagiging marunong sa lahat o kaya ay ang pagiging makapangyarihan sa lahat. Hindi na raw Siya puwedeng nasa lahat ng lugar sa iisang sandali. Sinasabi nila na kusa Niyang hinubad ang pagka-Diyos Niya nang pumarito Siya sa lupa bilang Tao. Sinasabi rin ng ilan na may hangganan na ang lahat ng bagay para sa Kanya gaya ng mga tao, na puwede na Siyang magkamali, at tanggapin ang anumang paniniwala o haka-haka ng mga tao noong kapanahunan Niya.

Hindi natin ito puwedeng tanggapin. Hindi hinubad o inalis ng Panginoong Jesus ang anumang mga katangian ng Diyos nang pumarito Siya sa lupa.

Nalalaman pa rin Niya ang lahat (*omniscient*). Nasa lahat pa rin Siya ng dako sa bawat sandali (*omnipresent*). Makapangyarihan pa rin Siya sa lahat (*omnipotent*).

*Ang Kanyang ginawa ay inalis Niya ang posisyonal Niyang pagkakapantay sa Diyos at nilagyan ng lambong ang kaluwalhatian ng Kanyang pagka-Diyos sa pamamagitan ng katawang lupa.* Naroon pa rin ang buong kaluwalhatian kahit na natatago iyon pero nagliliwanag sa ilang pagkakataon gaya ng Kanyang pagbabagong-anyo sa bundok. Walang anumang sandali sa buhay ni Cristo sa lupa na wala sa Kanya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos.

Hinubad Niya ang maluwalhati Niyang kasuotan,
Tinakpan ang pagka-Diyos ng lambong ng lupang katawan,
Sa gayong anyo ipinakita ang dakilang pagsinta,
Upang mapanumbalik ang hindi naman Niya inalis.

Gaya ng nauna nang nabanggit, dapat maging maingat sa pagpapaliwanag ng mga salitang "Hinubaran Niya ang Kanyang sarili." Ang pinakamaingat na paraan ng pagpapaliwanag nito ay hayaang ang sumusunod na mga talata ang magbigay ng liwanag. Hinubaran Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagiging **anyong alipin na naging katulad ng tao.** Sa ibang salita, hinubaran Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng isang bagay na hindi pa Niya kailanman nagagawa—*ang magkatawang-tao.* Hindi Niya isinantabi ang Kanyang pagka-Diyos, kundi iyon lamang kalagayan Niya sa langit, at pansamantala lamang iyon.

Kung pangkaraniwang tao lamang Siya, wala sanang paghuhubad o pag-aalis. Hindi natin hinuhubaran ang ating sarili sa pamamagitan ng pagkapanganak dito sa mundo. Pero para maging Tao ang Diyos—paghuhubad iyon ng Kanyang sarili. Ang totoo, tanging Diyos lamang ang makakagawa nito.

**At kinuha ang anyong alipin.** Ang pagkakatawang-tao at buhay ng Tagapagligtas ay maaaring ibuod sa magagandang salita sa Juan 13:4: "Itinabi ni Jesus ang Kanyang damit, at Siya'y kumuha ng isang tuwalya, at ibinigkis sa Kanyang sarili." Ang bigkis na tuwalya o tapis ay ang sagisag ng paglilingkod. Ginagamit ito ng mga alipin. At ginamit ito ng Panginoong Jesus dahil naparito Siya "hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at upang ibigay ang Kanyang buhay na pantubos sa marami" (Mat. 20:28). Alalahanin natin sa bahaging ito ang nais ipahiwatig na kaisipan sa talatang ito. Mayroong pagtatalo sa mga banal sa Filipos. Pinangaralan

sila ni Pablo na magkaroon ng pag-iisip ni Cristo. Sa madaling salita, ang katwiran dito ay hindi magkakaroon ng pagtatalo kapag ang mga Cristiano ay handang tanggapin ang mababang kalagayan para maglingkod sa iba, at ibigay ang kanilang buhay sa paglilingkod. *Hindi nakikipag-away sa kapwa ang mga taong handang maghain ng kanilang buhay sa iba.*

Naroon na si Cristo bago pa man likhain ang lahat, pero naparito Siya sa mundo **katulad ng tao.** Ibig sabihin nito ay "bilang tunay na Tao." Ang pagiging tao ng Panginoon ay kasing totoo ng Kanyang pagiging Diyos. Tunay Siyang Diyos at tunay na Tao. Napakalaking hiwaga nito! Hindi kailanman ito mauunawaan ng isang tao.

**2:8** Inilalarawan ng bawat bahagi ng talatang ito ang pababa nang pababa na kalagayan at kahihiyan ng sinisintang Anak ng Diyos. Hindi Niya lamang kusang iniwan ang kaluwalhatian ng langit! Hinubad Niya ang karangalan doon! Nag-anyong alipin Siya! Naging Tao Siya! Mababasa naman natin ngayon na **Siya'y nagpakababa sa Kanyang sarili!** Wala na yatang hindi Niya gagawin, mailigtas lamang ang makasalanan nating kaluluwa. Purihin ang Kanyang maluwalhating Pangalan kailanman!

**Siya'y nagpakababa sa Kanyang sarili** sa pamamagitan ng **pagiging masunurin hanggang sa kamatayan.** Napakadakila nito sa ating paningin! Sumunod Siya kahit na nangangahulugan ito ng kamatayan Niya. Ang ibig sabihin ng **naging masunurin hanggang sa kamatayan** ay naging masunurin Siya hanggang wakas. Siya ang tunay na mangangalakal na ipinagbili ang lahat ng kayamanan Niya para makuha lamang ang isang napakahalagang perlas (Mat. 13:46).

**Maging sa kamatayan man sa krus.** Ang **kamatayan** sa pamamagitan ng pagpako sa krus ang pinakanakakahiyang paraan ng kamatayan. Maaari itong itulad sa pagbitay, sa silya-elektrika, o sa *gas chamber*—na para lamang sa mga mamamatay-tao. At ito ang uri ng **kamatayang** nakalaan para sa Pinakadakila sa langit nang bumaba Siya rito sa lupa. Hindi Siya hinayaang mamatay sa isang pangkaraniwang kamatayan sa sakit o sakuna. Kailangan Niyang mamatay **sa** nakakahiyang paraan ng **kamatayan sa krus.**

**2:9** Nagkaroon bigla ng isang malaking pagbabago sa talatang ito. Inilalarawan ng mga naunang talata ang mga ginawa ng Panginoong Jesus. Pinili Niyang tahakin ang landas ng pagkaaba. Hindi Niya hinangad na maging sikat Siya. Nagpakababa Siya.

Tingnan naman natin ngayon ang ginawa ng *Diyos.* Kung nagpakababa ang Tagapagligtas, **itinaas naman Siya ng Diyos.** Kung hindi man hinangad ni Jesus ang kasikatan ng pangalan Niya, **binigyan naman Siya ng Diyos ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.** Kung lumuhod man Siya sa paglilingkod sa iba, niloob ng Diyos na **luluhod ang bawat tuhod** sa Kanya.

At ano ang aral nito para sa mga taga-Filipos—at para sa atin? Ang aral ay ang daang patungong taas ay ang daang pababa. Hindi natin dapat itaas ang sarili natin kundi maglingkod tayo sa iba para itaas tayo ng Diyos sa takdang panahon.

Itinaas ng Diyos si Cristo sa pamamagitan ng pagbuhay sa Kanya mula sa mga patay at pagbubukas ng langit para tanggapin Siya sa Kanyang kanang kamay. Hindi lamang iyon—**binigyan Siya ng Diyos ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.**

Nahahati ang palagay ng mga iskolar kung ano ang **pangalang** iyon. Sinasabi ng ilan na ito ang pangalang *Jesus* na nagtataglay ng pangalang *Jehovah*. Sa Isaias 45:22, 23, sinabi na luluhod ang bawat tuhod sa pangalan ni Jehovah (Diyos).

Ang palagay naman ng iba, **ang pangalang higit sa lahat ng pangalan** ay simpleng paglalarawan lamang ng pinakamataas na kalagayan sa sansinukob, isang katungkulang sumasakop sa lahat. Parehong katanggap-tanggap ang dalawang pakahulugan.

**2:10** Lubhang nasiyahan ang Diyos sa ginawang pagtubos ni Cristo kaya't itinalaga Niya na **luluhod ang bawat tuhod** sa Kanya—lahat ng nasa **langit at sa lupa,** at **sa ilalim ng lupa.** Hindi nito ibig sabihin na maliligtas ang lahat. Ang mga *ayaw* lumuhod sa Kanya ngayon ay *pipiliting* lumuhod pagdating ng araw. Ang mga hindi nakipagkasundo sa Panginoon sa panahong ito ng biyaya ay lulupigin pagdating ng araw ng paghuhukom Niya.

**2:11** Sa pamamagitan ng walang kapantay na biyaya, naglakbay ang Panginoon mula sa kaluwalhatian sa Bethlehem, sa Gethsemane, at sa Kalbaryo. Bilang kapalit, paparangalan Siya ng Diyos ng isang karangalang napakadakila at ng pagkilala ng lahat sa Kanyang pagka-Panginoon. Ang mga nagkaila ng Kanyang mga pahayag ay aamin balang araw na naging mga hangal sila, na ganap silang nagkamali, at na tunay na Panginoon ng kaluwalhatian si Jesus ng Nazareth.

Bago natin tuluyang iwan ang napakagandang mga talatang ito tungkol sa Persona at gawain ng Panginoong Jesus, dapat nating alalahanin na isinulat ito ni Pablo dahil sa isang maliit na problema sa iglesya sa Filipos. Hindi gumawa ng sulat si Pablo tungkol sa Panginoon. Sa halip, ninanais lamang niya na itama ang ugaling makasarili at pagkakampi-kampi ng mga mananampalataya. Ang lunas sa kanilang kalagayan ay ang pag-iisip ni Cristo. Dinadala ni Pablo ang Panginoon sa lahat ng pangyayari. Sinulat ni Erdman, "Kahit sa mga bagay na delikado, nakakapighati at hindi kanais-nais, nasasabi niya ang buong katotohanan sa paraang maganda at makatawag-pansin, kagaya ng isang hiyas na nakabaon sa isang kimpal na lupa."[12]

**2:12** Pagkatapos maipakita ang maningning na halimbawa ni Cristo, handa nang mangaral ang apostol batay roon.

**Laging sinusunod** ng mga taga-Filipos si Pablo noong kasama pa nila siya. **Higit ngayon** na siya ay **hindi** nila **kasama,** dapat nilang **isagawa** ang kanilang **sariling kaligtasan na may takot at panginginig.**

Narito muli tayo sa isang talata sa Banal na Kasulatan na nagbibigay ng malaking pagkalito. Bilang panimula, dapat maging maliwanag tayo na hindi itinuturo ni Pablo na makakamit sa pamamagitan ng mga gawa ang kaligtasan. Sa lahat ng kanyang mga sulat, paulit-ulit niyang

binigyang-diin na hindi sa pamamagitan ng mga gawa kundi sa pananampalataya sa Panginoong Jesus ang paraan ng kaligtasan. Ano ngayon ang ibig sabihin ng talatang ito?

1. Maaaring mangahulugan ito na dapat nating **isagawa** ang kaligtasang ibinigay sa atin ng Diyos. Binigyan tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan nang walang bayad. Ipamuhay natin ang buhay na ito ng may tunay na kabanalan.

2. Maaari din namang mangahulugan ang **kaligtasan** dito na solusyon sa kanilang problema sa Filipos na mga alitan at di pagkakaunawaan. Ibinigay sa kanila ng apostol ang lunas. Dapat nilang isagawa ang solusyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pag-iisip ni Cristo. Sa gayon, **maisasagawa** nila ang **sarili** nilang **kaligtasan,** o ang lunas sa kanilang problema.

**Ang kaligtasang** binanggit dito ay hindi kaligtasan ng kaluluwa, kundi ang kaligtasan mula sa bitag na humahadlang sa Cristiano para magawa ang kalooban ng Diyos. Sang-ayon din ang komentaristang si Vine na ang tinutukoy dito ay kaligtasan mula sa kasamaan sa buo nating karanasan sa kasalukuyan.

Maraming iba't ibang kahulugan ang *kaligtasan* sa Bagong Tipan. Napansin na natin sa 1:19 na kaligtasan ito sa bilangguan. Tumutukoy naman sa 1:28 ang kaligtasan ng ating mga katawan pagdating ng araw mula sa kinalalagyan ng kasalanan. Kailangang suriin batay sa konteksto ang dapat na kahulugang ibinigay sa bawat banggit ng kaligtasan. Naniniwala tayo na sa talatang ito, nangangahulugan ang **kaligtasan** ng solusyon sa problemang nagdudulot ng bagabag sa mga taga-Filipos dahil sa kanilang mga pagtatalo.

**2:13** Pinaalala ngayon ni Pablo sa kanila na posible nilang maisagawa ang kaligtasan nila dahil **Diyos ang gumagawa** sa kanila **maging sa pagnanais at sa paggawa para sa Kanyang mabuting kalooban.** Ibig sabihin nito na **Diyos** ang nagbibigay sa atin ng pagnanais na gawin ang kalooban Niya sa simula pa lang. Pagkatapos ay **gumagawa** Siya sa atin ng kapangyarihan para magawa natin ang pagnanais na ito.

Muli nating makikita rito ang kahanga-hangang pagsasanib ng kapangyarihan ng Diyos at pagganap ng tao. Sa unang banda, tinawag tayo na isagawa ang ating kaligtasan. Sa kabilang banda naman, tanging ang Diyos lamang ang makakatulong sa atin na gawin ito. Gawin natin ang ating bahagi at gagawin din ng Diyos ang bahagi Niya. (Pero, hindi ito tumutukoy sa kapatawaran ng kasalanan, o sa kapanganakan muli. Tanging gawain lamang ng Diyos ang katubusan ng kasalanan. Mananampalataya lamang tayo para mapatawad sa sala at ipanganak muli.)

**2:14** Sa paggawa natin ng kalugud-lugod sa Diyos, dapat natin itong isagawa nang walang pabulong-bulong o pagtatalo: "Hindi sa anumang paraan kundi sa paraang matagumpay." Karaniwang sinusundan ang **pabulong-bulong at pagtatalo** ng mga lalo pang higit na pagkakasala.

**2:15** Sa pag-iwas sa mga pagtatalo at pagrereklamo, **magiging walang sala at walang malay** tayo (taos-puso at matapat). Ibig sabihin ng **magiging walang sala** ay walang bintang na

maipapatang laban sa isang tao (tingnan ang Dan. 6:4). Ang taong **walang sala** ay nagkakasala pa rin pero inihahayag niya ang kasalanang ito, humihingi siya ng tawad at itinatama ito hangga't posible. Ang ibig sabihin dito ng maging **walang malay** ay maging taos-puso o walang pandaraya.

Dapat maging **walang dungis ang mga anak ng Diyos sa gitna ng isang salinlahing liko at masama.** Sa pamamagitan ng mga buhay na walang dungis, makakapanindigan nang mas malinaw ang mga anak ng Diyos laban sa madilim na mundong ito.

Ito ang naghatid kay Pablo para isipin na sila ay **tulad ng mga ilaw** sa gabing madilim. Kapag lalong madilim ang gabi, lalong makikitang nagniningning ang ilaw. Ang mga Cristiano ay **mga ilaw** o mga tagadala ng ilaw. Hindi sila makakalikha ng anumang ilaw, pero kaya nilang magpakita ng kaluwalhatian ng Panginoon para makita ng iba si Jesus sa kanila.

**2:16** **Na nanghahawakan sa salita ng buhay** (KJV "nagpapahayag"). Hindi lamang tayo mga ilaw na nagliliwanag kundi mga tinig na nagsasalita. Dapat na magpatotoo sa pamamagitan ng pamumuhay at mga sinasabi natin.

Kapag natupad ng mga taga-Filipos ang mga tungkuling ito, alam ng apostol na magkakaroon siya ng batayan sa ipagkakapuri **sa araw ni Cristo.** Nais niya sa kanyang puso na makita silang hindi lamang ligtas ang kaluluwa kundi maiharap ang bawat isa na sakdal kay Cristo (Col. 1:28).

**Ang araw ni Cristo** ay ang sandali ng pagbabalik Niya at ng paghatol sa paglilingkod ng mananampalataya (1:6, 10). Kung naging tapat ang mga taga-Filipos sa paglilingkod nila sa Panginoon, malinaw sa araw na iyon na **hindi mawawalan ng kabuluhan** ang paglilingkod ni Pablo.

## IV. ANG HALIMBAWA NG BUHAY CRISTIANO NINA PABLO, TIMOTEO, AT EPAFRODITO (2:17–30)

Sa sinusundang talata, ipinahayag ni Pablo ang Panginoong Jesus bilang pinakamabuting halimbawa ng kababaang-loob. Pero maaaring sabihin ng iba, "Diyos kasi Siya at mga tao lamang tayo." Nagbigay ngayon si Pablo ng tatlong halimbawa ng mga tao na nagpapakita ng pag-iisip ni Cristo—si Pablo mismo, si Timoteo, at si Epafrodito. Kung si Cristo ang araw, ang tatlong ito naman ang mga buwan, na nagpapaaninag ng kaluwalhatian ng araw. Mga ilaw sila sa madilim na mundo.

**2:17** Gumamit ang apostol ng napakagandang halimbawa para ilarawan ang paglilingkod niya at ng mga taga-Filipos. Buhat ang larawang ito sa pangkaraniwang ugali ng mga Judio at mga pagano na buhusan ng **inuming handog** ang **alay** na susunugin habang nakahain sa ibabaw ng dambana.

Para kay Pablo, ang mga taga-Filipos ang naghahandog. Ang kanilang **pananampalataya** ang **alay.** Si Pablo mismo ang **inuming handog.** Isang kagalakan para sa kanya na maibuhos bilang martir **sa ibabaw ng alay at paglilingkod ng** kanilang **pananampalataya.**

Sinabi ni Williams:

> Inihambing ni Pablo ang pagpapasakit at pagpapagal ng mga taga-Filipos sa sarili niyang pagpapakasakit; dinadakila niya ang sa kanila at minamaliit naman ang sa kanya. Parehas nilang iniaalay ang kanilang mga buhay para sa ebanghelyo, pero para kay Pablo, dakilang handog ang ginawa nila at ang ginawa niya ay isa lamang inuming handog na ibinuhos sa ibabaw niyon. Ang mga salitang ito ni Pablo ay nagpapahiwatig ng maaaring pagkamatay niya bilang isang martir.[13]

Kung ito man ang kanyang kapalaran, **ikakatuwa** at **ikakagalak** niya kung ganoon man dapat ang mangyari.

**2:18** **At sa gayunding paraan,** dapat **matuwa at makigalak** ang mga taga-Filipos kay Pablo. Hindi dapat nilang ibilang na kasawian ang nalalapit na kamatayan niya, sa halip ay magalak sila sa gayong maluwalhati niyang pag-uwi sa kalangitan.

**2:19** Hanggang sa puntong ito, dalawang halimbawa na ang ibinigay ni Pablo ng pag-ibig na may pagpapakasakit—ang sa Panginoong Jesus at ang sa kanya. Parehong handang ibuhos ang buhay para sa kamatayan. May dalawa pang halimbawa ng pagbibigay ng sarili—sina **Timoteo** at **Epafrodito.**

Umaasa ang apostol na **suguin si Timoteo** sa Filipos sa nalalapit na hinaharap **para mapanatag** siya sa pagkaalam ng mga bagay tungkol sa kanila

**2:20** Sa lahat ng nakasama ni Pablo, pambihira si Timoteo sa kanyang malasakit sa kalagayang espirituwal ng mga taga-Filipos. **Walang sinumang** puwedeng isugo si Pablo sa kanila na may katulad na pagtitiwala. Malaking karangalan ito para sa batang-batang manggagawa gaya ni Timoteo!

**2:21** Nalamon na ang iba ng **kanilang sariling** kapakanan. Masyado na silang nadaig ng mga kabalisahan ng buhay na ito kaya wala na silang panahon para **sa mga bagay ni Jesus-Cristo.** May aral ba ngayon ito sa atin, sa ating maliit na mundo na puro kagamitan—mga bahay, *refrigerators*, tv, at iba pang *mga bagay*? (tingnan ang Lucas 8:14).

**2:22** Si Timoteo ay anak ng apostol sa pananampalataya at naging tapat siya sa kalagayang iyon. Nalalaman nilang **subok na si Timoteo,** alam nila ang kanyang tunay na halaga, na **kung paanong naglilingkod ang anak sa ama,** gayundin na **naglingkod** si Timoteo **kasama** si Pablo **sa** gawain ng pangangaral ng **ebanghelyo.**

**2:23, 24** Dahil nga sa subok na si Timoteo, **siya** ang inaasahang **isugo** ni Pablo sa mga taga-Filipos sa sandaling malaman niya ang resulta ng kanyang apila kay Cesar. Walang dudang ito ang ibig sabihin ng apostol sa pahayag na **kapag nakita ko kung ano ang mangyayari sa akin.**

Umaasa siya na magiging mabuti ang kahihinatnan ng kanyang hiling, at mapapalaya siya para makabisita siya muli sa Filipos.

**2:25** Nakita naman natin sa sumunod na talata ang pag-iisip ni Cristo ay na kay **Epafrodito.** Hindi natin matiyak kung siya rin ang Epafras sa Colosas 4:12. Gayunman, nanirahan siya sa Filipos at isang tagapaghatid ng balita sa iglesya roon.

Tinawag siya ni Pablo na: (1) aking **kapatid;** (2) aking **kamanggagawa;** (3) aking **kapwa kawal.** Nagpapahiwatig ng pagmamahal ang unang titulo, ang ikalawa ay ng pagpapagal sa gawain, at ang ikatlo ay ng pakikipaglaban. Isa siyang taong maayos na gumagawa kasama ang iba, at tunay na napakahalaga nito sa buhay at paglilingkod Cristiano. Madali para sa isang mananampalataya na kumilos mag-isa na nasusunod ang lahat ng nais niya. Pero hindi madaling maglingkod kasama ng iba. Mahirap sundin ang nais ng iba kaysa sa sarili at pumayag sa mga pagkakaiba-iba. Hindi rin madali na ipailalim sa iba ang sariling kalooban at opinyon para sa ikabubuti ng grupo. Maging mga **kamanggagawa** at **kapwa kawal** tayo!

Idinagdag pa ni Pablo na siya ay kanilang **sugo at lingkod para sa** kanilang **pangangailangan.** Nagbigay pa sa atin ito ng ilan pang mga bagay tungkol sa katauhan ni Epafrodito. Handa siyang gumawa, maging ito ay napakababang uri ng gawain. Marami sa ngayon ang interesado lamang sa gawaing sisikat sila at madaling trabaho. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos sa mga taong patuloy na gumagawa ng tahimik at hindi kapansin-pansin! Nagpakumbaba si Epafrodito sa pagpapagal para sa gawain. Pero pinarangalan siya ng Diyos sa pamamagitan ng paglalagay rito sa Filipos 2 ng kanyang matapat na paglilingkod para mabasa ng iba sa darating na panahon.

**2:26** Sinugo ng mga banal si Epafrodito para tulungan si Pablo—isang paglalakbay na halos 700 milya. Dahil dito, **nagkasakit** ang tapat na mensahero at halos muntik nang mamatay. Nag-alala si Pablo dahil dito—hindi dahil nagkasakit siya, kundi baka mabalitaan ito ng mga taga-Filipos. Kapag nagkagayon, sisisihin nila ang kanilang sarili sa pagpapadala sa kanya sa paglalakbay na iyon na ikinapahamak ng kanyang buhay. Makikita natin kay Epafrodito "ang kasiyahan ng puso niya ay para sa iba at hindi sa sarili."

Hindi magandang ugaliin ng maraming Cristiano ang laging lubos na isaisip ang sarili nilang sakit o karamdaman. Karaniwang nagpapakita ito ng kasalanan ng pagiging makasarili; pagkaawa sa sarili, laging pag-aabala, at pagpapasikat sa sarili.

**2:27** **Nagkasakit** si Epafrodito at malapit nang **mamatay, ngunit kinahahabagan siya ng Diyos.** Mahalaga ang bahaging ito para maliwanagan tayo tungkol sa pagpapagaling mula sa Diyos:

1. Una sa lahat, hindi laging resulta ng pagkakasala ang sakit. Narito ang isang tao na nagkasakit dahil sa matapat na pagpapagal ng kanyang tungkulin (tingnan ang t. 30), **… sapagkat dahil sa pagpapagal kay Cristo ay nabingit siya sa kamatayan.**

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

2. Pangalawa, natutuhan natin na hindi laging kalooban ng Diyos na magpagaling kaagad at sa mahimalang paraan. Matagal na nagkasakit si Epafrodito at unti-unti ang paggaling niya (tingnan rin ang 2 Tim. 4:20; 3 Jn. 2).

3. Pangatlo, natutuhan natin na ang paggaling ay habag ng Diyos at hindi natin ito dapat asahan sa Kanya bilang isang karapatan na dapat Niyang ibigay sa atin.

Idinagdag ni Pablo na **nahahabag** din **ang Diyos pati sa kanya** at hindi lamang kay Epafrodito, **upang huwag** siyang **magkaroon ng patong-patong na kalungkutan.** Nagdurusa na ang apostol dahil sa kanyang pagkabilanggo. Kung namatay pa si Epafrodito, lalo sanang nadagdagan ang dalamhati niya.

**2:28** Ngayong magaling na si Epafrodito, **higit na masigasig na sinugo** siya ni Pablo pabalik sa Filipos. **Magagalak** ang mga taga-Filipos sa pagbalik ng kanilang minamahal na kapatid, at mababawasan din nito ang kalungkutan ni Pablo

**2:29** Hindi lamang nila dapat **tanggapin** si Epafrodito ng may kagalakan, kundi dapat ding nilang **parangalan** ang lingkod ng Diyos na ito. Isang dakilang karangalan at pribilehiyo ang maging abala sa paglilingkod **sa Panginoon.** Dapat pahalagahan ito ng mga mananampalataya, kahit na ang manggagawa ay kilalang-kilala na nila.

**2:30** Gaya ng una nang nabanggit, nagkasakit si Epafrodito dahil sa walang humpay na pagpapagal niya sa gawain para kay **Cristo.** Mahalaga ito sa mga mata ng Panginoon. Mas mabuting *mapagod* sa paglilingkod para kay Cristo kaysa *kalawangin* sa kawalan ng pagkilos. Mas mabuti ang mamatay sa paglilingkod kay Jesus kaysa mabilang lamang sa mga namatay dahil sa sakit o sakuna.

Ibig sabihin ba ng **"upang punan ang kakulangan sa inyong paglilingkod sa akin"** na pinabayaan ng mga taga-Filipos si Pablo kaya ginawa ni Epafrodito ang dapat sanang ginawa nila? Malamang na hindi, dahil ang mga mananampalataya sa Filipos ang nagsugo kay Epafrodito kay Pablo sa unang banda.

Ipinapalagay natin na tumutukoy ang kanilang kakulangan sa **paglilingkod** sa *kawalan* nila *ng kakayahan* na personal na mabisita si Pablo at matulungan siya nang harapan dahil napakalayo nila mula sa Roma. Sa halip na pagalitan sila, sinasabi lamang ng apostol na naganap ni Epafrodito, bilang kinatawan nila, ang hindi nila natupad ng personal.

## V. BABALA SA MGA BULAANG GURO (3:1–3)

**3:1** Nang sabihin ni Pablo na **kahuli-hulihan, mga kapatid,** hindi niya ibig sabihin na tatapusin na niya ang sulat niya. Ang literal na ibig sabihin ay "May ilang bagay pa … ." Parehas na salita rin ang ginamit sa 4:8.

Pinapayuhan niya sila na **magalak sa Panginoon.** Laging makakasumpong ang isang Cristiano ng tunay na kagalakan **sa Panginoon** anuman ang pangyayari sa buhay niya.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

"Nagbubuhat sa langit ang lahat ng kanyang pag-awit." Mawawala lamang ang kagalakan niya kung mawawala rin ang kanyang Tagapagligtas, at imposibleng mangyari ito. Ang pangkaraniwang kagalakan ay naaapektuhan ng kahirapan, kalungkutan, sakit, at trahedya. Pero ang kagalakan ng isang Cristiano ay namamalagi sa ibabaw ng ano pa mang kaguluhan sa buhay. Ang katibayan nito ay makikita sa katotohanang ibinigay ni Pablo ang payong ito sa loob ng bilangguan. Tunay na karapat-dapat nating tanggapin ang payong ito mula sa kanya!

Hindi nagsasawa si Pablo sa kauulit ng mga pangaral niya sa mga taga-Filipos dahil alam niyang para ito sa kanilang kabutihan. Pero paano nagpaulit-ulit si Pablo? Tumutukoy ba ito sa nakaraang pahayag kung saan hinikayat niyang **magalak** sila **sa Panginoon?** O sa mga babala niya sa sumusunod na mga talata laban sa ilang mga tao o *Judaizers*? Ang mga *Judaizers* ay mga Cristianong nagtuturo na upang maligtas ay kailangan pa ring gawin ang ilang tradisyon at pag-uugaling Judio lalo na ang nasa Kautusan ni Moises. Naniniwala tayo na pinag-iingat sila ni Pablo sa mga *Judaizers*. Tatlong beses niyang ginamit sa talatang 2 ang salitang **mag-ingat. Hindi kalabisan** para sa kanya na ulitin ito dahil para ito sa kapakanan ng mga taga-Filipos.

**3:2** Dapat silang **mag-ingat sa mga aso, … sa masasamang manggagawa,** at **sa mga hindi totoong pagtutuli.** Maaaring tumutukoy ang tatlong pahayag sa iisang pangkat lamang ng tao—mga bulaang guro na nagsisikap na ipailalim ang mga Cristiano sa mga kautusan ng Judaismo at nagtuturo na ang kabanalan ay makakamit sa pamamagitan ng pagtupad ng kautusan at ritwal.

Una sa lahat, sila ay **mga aso.** Sa Biblia, maruruming mga hayop ang **mga aso.** Ito ang tawag ng mga Judio sa mga Gentil. Sa mga bansang nasa Silangan, pagala-gala ang mga aso, nakatira sa kalye at nagkakalkal ng kahit ano para may makain. Ginamit ni Pablo ang salitang ito sa mga bulaang Judiong guro na nagnanais pasamain ang iglesya. Sila ang mga tunay na namumuhay sa labas ng iglesya, at walang pinanghahawakan kundi mga ritwal at mga seremonya. "Namumulot sila ng mumo sa halip na maupo at kumain sa malaking handaan."

Ikalawa, **masasama** silang **manggagawa.** Nagkukunwari silang tunay na mga mananampalataya, nakakapasok sila sa pakikisama sa mga tunay na Cristiano para ipalaganap ang kanilang maling mga katuruan. Kasamaan lamang ang nagiging bunga ng kanilang mga gawa.

Ikatlo, tinawag sila ni Pablo na mga **hindi totoong pagtutuli.** Panunuyang tawag ito para ilarawan ang kanilang paniniwala tungkol sa pagtutuli. Walang dudang pinipilit nilang dapat tuliin muna ang isang tao para maligtas. Pero ang ibig lamang nilang sabihin ay ang pisikal na pagtutuli sa laman. Hindi nila pinapansin ang espirituwal nitong kahulugan. Pagkamatay sa laman ang tinutukoy ng pagtutuli. Ibig nitong sabihin na hindi na dapat sundin ang naising makalaman o ang likas ng pagkatao. Ipinipilit nila ang likas na pagtutuli pero malaya naman silang nabubuhay sa laman. Wala silang itinuturo na pagbabago ng puso sa pamamagitan ng pagkamatay ng laman sa krus. Sinasabi ni Pablo na tagaputol lamang sila ng laman at hindi nagtuturo na iba ang seremonya kaysa kahulugang espirituwal nito.

**3:3** Sa kabaligtaran nito, sinasabi ni Pablo na **tayo** (mga tunay na mananampalataya) **ang pagtutuli**. Hindi iyong mga ipinanganak ng mga magulang na Judio o iyong mga tinuli sa laman.

Kundi iyong nakakilala na walang pakinabang ang laman at walang sariling lakas ang tao para gumawa ng ikakalugod ng Diyos. Pagkatapos ay nagbigay si Pablo ng tatlong katangian ng tunay na pagtutuli:

1. **Sumasamba** sila **sa Diyos sa** (o sa pamamagitan ng) **Espiritu.** Ito ang tunay na espirituwal na pagsamba na hindi batay sa mga seremonya lamang. Sa tunay na pagsamba, pumapasok ang isang tao sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, at ibinubuhos ang pag-ibig niya, pagpupuri, pagsamba at pagpaparangal sa Diyos. Sa kabilang banda, ang likong pagsamba ay kailangan pa ng magagandang gusali at relihiyosong mga kagamitan, mariringal na mga seremonya, magagandang kasuotan ng mga pari, at batay sa damdamin ng taong sumasamba.

2. **Nagmamapuri** (o naluluwalhati) **kay Cristo** ang mga miyembro ng tunay na pagtutuli. Siya lamang ang kanilang ipinagmamalaki. Hindi nila ipinagmamalaki ang mga naabot nilang tagumpay sa buhay, ang pagiging deboto nila, o ang pagiging matapat nila sa mga sakramento ng simbahan.

3. **Wala** silang **pagtitiwala sa laman.** Hindi nila iniisip na una sa lahat, maliligtas sila sa pamamagitan ng kanilang pagsisikap sa laman at mapapanatili ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanilang kalakasan. Wala silang hinihintay na anumang mabuti sa likas nilang pagkatao na namana kay Adan, kaya hindi sila nabibigo kapag wala nga silang nakita.

## VI. ANG PINAGMULAN NI PABLO AT ANG MGA BAGAY NA TINALIKURAN NIYA PARA KAY CRISTO (3:4–14)

**3:4** Marahil ay napangiti na lamang si Pablo kapag naiisip niya kung paanong nagmamapuri ang mga taong ito sa kanilang mga katayuan sa laman. Kung makakapagmalaki sila, **lalo** sana siya! Sa susunod na dalawang talata, ipinakita niya kung paanong mas higit siyang may katangian sa buhay na sukat ipagmalaki ng karaniwang tao. “Tila nabibilang si Pablo sa halos bawat uri ng maharlikang angkan na pinapangarap maabot ng mga tao.”

Sinabi ni Arnot batay sa dalawang talatang ito: “Binabanggit dito ang lahat ng mga bagay na inaakala ng isang Fariseo para maging matuwid. Natutuwa siyang ipakita ang marurumi niyang basahan at ilantad sa madla.”

Pansinin ang mga bagay na binabanggit ni Pablo: kapurihan sa angkan (v.5a); kapurihan sa asal (v.5b); kapurihan sa gawain (v. 6a); kapurihan sa moralidad (v. 6b).

**3:5** Narito ngayon ang talaan ng laman at likas na kalamangan ni Pablo:

**tinuli nang ikawalong araw—**ipinanganak siyang isang Judio, hindi siya isang Ismaelita o naging mananampalataya lamang ng Judaismo.

**mula sa lahi ng Israel**—kabilang siya sa lahing pinili ng Diyos.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

**mula sa lipi ni Benjamin**—angkan ng mga pinuno (Hukom 5:14) na nagbigay sa Israel ng una niyang hari.

**isang Hebreo na isinilang ng Hebreo**—kabilang siya sa bahagi ng bansa na nanatili sa orihinal na wika, kaugalian, at kabuhayang Hebreo.

**tungkol sa kautusan, ay Fariseo**—naging tapat sa relihiyon ang mga Fariseo, samantalang hindi naniniwala ang mga Saduceo sa doktrina ng muling pagkabuhay.

**3:6 tungkol sa sigasig, ay taga-usig ng iglesya**—tapat na inakala ni Pablo noon na naglilingkod siya sa Diyos nang sikapin niyang puksain ang "sekta" ng mga Cristiano. Nakita niya noon na isang banta ito sa relihiyong kinaaniban niya kaya ninais niyang masugpo ito.

**ayon sa katuwirang nasa kautusan ay walang kapintasan**—hindi niya ibig sabihin na buong ganap niyang sinunod ang kautusan. Sinabi niya sa Roma 7:9,10 na hindi ito ganito. Tinuring niya ang sarili niya na **walang kapintasan**, hindi walang kasalanan. Masasabi lamang natin na kapag nagkakasala siya sa anumang bahagi ng kautusan, naghahandog agad siya sa dambana tulad ng hinihingi ng kanyang relihiyon. Sa ibang salita, buong tapat niyang sinusunod ang bawat utos ng Judaismo.

Kaya, si Saulo ng Tarsus ay natatanging tao ayon sa lahi, angkan, kaugalian, sigasig at personal na katuwiran.

**3:7** Pero ngayon, ipinapahayag ng apostol ang dakila niyang pagtatakwil. Ipinapakita niya sa atin ang sarili niyang "Kapahayagan ng Pakinabang at Pagkalugi." Sa isang banda, ang mga una niyang nabanggit ay ang mga bagay na naging **pakinabang sa** kanya. Sa isang banda naman ay sinulat niya ang nag-iisang salitang **Cristo.** Lahat ng ito ay pawang kalugihan kung ipapantay sa kayamanang natagpuan niya kay Cristo. **Inari** niyang **kalugihan** ang mga ito **alang-alang kay Cristo.** Sinabi ni Guy King, "Lahat ng pakinabang sa salapi, sa materyal na bagay, sa pisikal na bagay, sa intelektuwal na bagay, sa bagay na moral at lahat ng pakinabang sa relihiyon—pawang kalugihan ang lahat ng ito kung ipapantay sa Dakilang Pakinabang kay Cristo."[14]

Habang nagtitiwala siya sa mga bagay na ito, hindi siya maliligtas. Nang maligtas na siya, nawalan na ng kabuluhan ang mga bagay na ito sa kanya dahil nakita na niya ang kaluwalhatian ng Panginoon, at walang saysay kung ihahambing dito ang iba pang kaluwalhatian.

**3:8** Sa paglapit kay Cristo para maligtas, tinalikuran ni Pablo **ang lahat ng mga bagay** at inari ang mga itong kalugihan kung ikukumpara sa **higit na kahalagahan na makilala si Cristo Jesus,** na kanyang **Panginoon.** Sa mga Hebreo, **ang higit na kahalagahan na makilala** ay nangangahulugan ng "dakilang pagkakilala" o "nakakahigit na kaalaman."

Ang angkan, lahi, kultura, katayuan sa buhay, ang pinag-aralan, relihiyon, pati na ang narating niya sa buhay—itinakwil ng apostol ang lahat ng ito dahil maaaring maging dahilan ang mga ito ng pagmamalaki. Sa katunayan, itinuring niya ang **lahat ng mga bagay** na ito na dumi o **basura** para **makamit** niya lamang **si Cristo.**

Nililingon ni Pablo sa talatang ito at maging sa susunod na talata ang pangyayari noong maligtas siya. Para **makamit si Cristo,** kailangan niyang talikuran ang mga bagay na pinapalagay niyang pinakamahalaga. Kung makakamit niya si Cristo bilang pakinabang, dapat siyang "magpaalam" sa relihiyon at kaugaliang ipinamana ng kanyang mga magulang at maging sa kanyang sariling pagsisikap.

At ginawa nga niya ito! Ganap niyang pinutol ang anumang may kinalaman sa Judaismo bilang pag-asa sa kaligtasan. Dahil dito, inalisan siya ng mana ng mga kamag-anak niya, itinatwa ng mga dating kaibigan, at inusig ng mga kababayan niya. Literal na **tiniis niya ang kalugihan ng lahat ng mga bagay** nang maging Cristiano siya.

Tila sa talatang 8 ay ninanais pa rin ni Pablo na **makamit si Cristo.** Ang totoo, nakamit na niya si Cristo nang kilalanin niya Siya na kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Ito pa rin ang nasa kanyang isipan—itinuturing pa rin niya ang lahat ng bagay na **basura** kung ikukumpara sa kahalagahan na makilala ang Panginoong Jesus. Ito ang napakalaking naisin ng kanyang puso: "Na makamit ko si Cristo." Hindi ang ginto, o ang pilak, o ang katayuan sa relihiyon, kundi si Cristo.

**3:9 At ako'y matagpuan sa Kanya.** Sa salitang ito ay tila hindi pa rin natatagpuan ni Pablo si Cristo. Ang totoo, naiisip niya ang napakagandang desisyong ginawa niya noong maligtas siya. Nais ba niyang talikuran lahat ng pagsisikap niya para maligtas, at magtiwala na lamang kay Cristo? Namili siya. Tinalikuran niya lahat para matagpuan kay Cristo. Bago na ang katayuan niya sa harapan ng Diyos nang magtiwala siya sa Panginoong Jesus. Hindi na siya anak ng nagkasalang si Adan, kundi ngayon ay *na kay Cristo* na siya, at tinatamasa ang lahat ng mga pagtatangi ng Diyos sa Panginoong Jesus.

Iniwan niya ang maruruming basahan ng sarili niyang katuwiran, sa pamamagitan ng pagtupad sa kautusan at pinili ang **katuwiran** ng **Diyos** na ipinagkakaloob sa sinumang tumanggap sa Tagapagligtas. Ang **katuwirang** binanggit sa talatang ito ay itinutulad sa isang damit o panakip. Kailangang matuwid ang isang tao para tanggapin sa harapan ng Diyos. Pero hindi kaya ng tao na maging matuwid. Kaya sa biyaya, ibinigay ng Diyos ang *sarili Niyang* **katuwiran** sa sinumang tatanggap sa Kanyang Anak bilang Panginoon at Tagapagligtas. "Ginawa Niyang (ng Diyos) *may* kasalanan Siya (si Cristo) na hindi nakakilala ng kasalanan, upang sa kanya tayo'y maging katuwiran ng Diyos" (2 Cor. 5:21)

Muli naming inuulit na sa mga talatang 8 at 9, walang pahiwatig na hindi pa natatanggap ni Pablo ang katuwiran ng Diyos. Sa katunayan nga, napasa kanya iyon nang muli siyang ipinanganak sa Espiritu sa daan patungong Damasco. Ang resulta ng mahalagang kaganapang iyon ay nagpapatuloy kay Pablo at itinuturing niyang higit na mahalaga si Cristo kaysa ano pa mang bagay na tinalikuran niya.

**3:10** Sa talatang ito ay mababasa natin ang kasukdulan ng damdamin o layunin sa buhay ni Pablo. Tinawag ito ni F.B. Meyer na "Ang Pagnanais ng Puso kay Cristo."

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Ang karaniwang paliwanag sa talatang ito ay sa "paraang espirituwal". Hindi raw dapat tingnan ng literal ang **mga kahirapan, ang kamatayan,** at **muling pagkabuhay.** Sa halip, ginagamit daw ang mga ito para tukuyin ang mga karanasang espirituwal gaya ng paghihirap ng damdamin, pagkamatay sa sarili, at ang pamumuhay ng isang bagong buhay, at iba pa. Gayunman, sa aming palagay, dapat ipaliwanag ang mga salitang ito ng literal. Sinasabi ni Pablo na nais niyang mabuhay gaya ng buhay ni Cristo. Nagdusa ba si Jesus? Gusto ring magdusa ni Pablo. Namatay ba si Jesus? Gusto rin ni Pablo na mamatay na isang martir sa paglilingkod niya kay Cristo. Nabuhay bang muli si Jesus mula sa mga patay? Gusto ring gawin iyon ni Pablo. Nalaman niya na ang alipin ay hindi higit sa kanyang Panginoon. Kaya hinangad niyang sumunod kay Cristo sa Kanyang **mga kahirapan, kamatayan, at muling pagkabuhay.** Hindi niya sinasabing ganito rin ang dapat gawin ng lahat, pero para sa kanya, wala nang iba pang lalakaran kundi ang daang ito.

**Upang makilala ko Siya.** Ang ibig sabihin ng **makilala Siya** ay ang pag-unlad sa araw-araw na pagkakilalang personal sa Panginoon nang sa gayon ay maging tulad siya ni Cristo. Nais niyang gayahin ang buhay ni Cristo.

**At ang kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay.** Ang **kapangyarihang** muling bumuhay sa Panginoon mula sa mga patay ay ang pinakadakilang pagtatanghal ng kapangyarihan sa Banal na Kasulatan na nakita ng sanlibutan (Ef. 1:19, 20). Tila nais ng lahat ng kampon ng demonyo na panatilihin ang katawan Niya sa libingan. Dinaig sila ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pagbuhay muli sa Panginoong Jesus mula sa mga patay noong ikatlong araw. Ang **kapangyarihan** ding ito ang mapapasa-mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. Sinasabi ni Pablo na hinahangad niyang maranasan ang kapangyarihang ito sa kanyang buhay at patotoo.

**At ang pakikisama sa Kanyang mga kahirapan.** Kailangan ng lakas mula sa Diyos para matiis ang hirap na daranasin para kay Cristo. Iyon ang dahilan kung bakit inuna ang kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay kaysa pakikisama sa Kanyang mga kahirapan.

Sa buhay ng Panginoon, una ang paghihirap bago ang kaluwalhatian. Ganoon din naman dapat sa buhay ni Pablo. Dapat siyang makibahagi sa **mga kahirapang** dinanas ni Cristo. Alam niyang hindi makakatubos sa kasalanan ang mga paghihirap niya, pero alam din niya na hindi nararapat sa kanya na mabuhay sa luho at karangyaan sa mundo kung saan tinanggihan, pinahirapan, at ipinako ang Panginoon. Sinabi ni Jowett: "Hindi sapat kay Pablo na makihati sa tagumpay sa Olibo; nais niyang maranasan ang pait, kalungkutan at kahirapan ng Gethsemane."[15]

**Matulad sa Kanya sa Kanyang kamatayan.** Tulad ng dati nang nabanggit, karaniwang paliwanag dito ay nais ni Pablo na ipamuhay ang buhay ni Cristo, na patay sa kasalanan, sa sarili, at sa sanlibutan. Pero sa palagay namin ay may mas malalim pang kahulugan ito. Iyon nga ang kahulugan nito, pero may mas higit pa. Taimtim at marubdob na tagasunod si Pablo ng Taong namatay sa krus ng Kalbaryo. Hindi lamang iyon, naroon siya nang patayin ang unang martir ng iglesyang Cristiano na si Esteban. Sa katunayan, kasabwat siya sa pagpatay sa kanya! Naniniwala tayo na nais niyang ibuhos ang buhay niya sa ganito ring paraan. Marahil ay

makakaramdam siya ng pagkapahiya kay Esteban sa sandaling magkita sila sa langit kung makakarating siya roon sa maginhawang paraan sa halip na bilang isang martir. Sumang-ayon si Jowett:

> Maraming mga Cristiano ang nasisiyahang magbigay ng isang handog na walang "pagkabuhos ng dugo." Ibinibigay nila ang mga bagay lamang na hindi nila kailangan. Ibinibigay nila ang mga kaloob na ito ng walang panghihinayang, at ang pagsuko sa mga ito ay hindi nangangailangan ng pagbubuhos ng dugo. Handa silang maghandog hangga't walang buhay na kailangan; pero sa oras na kailangan na ito, hindi sila matagpuan. Palagi silang kasama sa matatagumpay na mga pagpasok at handa silang gumastos ng kaunting pera sa makukulay na mga dekorasyon—sa mga bandera at mga sanga ng palmera; pero kapag ang sigaw ng pagbubunyi, ang mga "Mabuhay" at mga "Hosanna" ay mapalitan ng nakakatakot na mga bulung-bulungan at mga banta, at kapag natatanaw na ang Kalbaryo, nagtatago sila sa ligtas na lugar.
>
> Pero narito ang isang Apostol na masayang hinihintay ang oras ng sukdulan at mapanganib na pangangailangang ito. Halos may pagkainip na siya dahil sa mga patak lamang ang dugong naihahandog niya sa paglilingkod sa kaharian! Nasasabik siyang maibuhos ang lahat kung kailangan![16]

Ganito rin ang sinabi ni Hudson Taylor:

> Kailangang ibigay natin ang *ating sarili* para sa buhay ng sanlibutan. …Para mamunga ay kailangang magpasan ng krus. "Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay mananatiling nag-iisa." Alam natin kung paanong naging mabunga ang Panginoong Jesus—hindi lamang sa pamamagitan ng pagpasan ng Kanyang krus, kundi sa pagkamatay sa ibabaw nito. Mayroon ba tayong pakikisama sa Kanya sa bagay na ito? Hindi maaaring maging dalawa ang Cristo—isang mapagwalang-bahalang Cristo para sa mapagwalang-bahalang mga Cristiano, at isang naghihirap, at nagpapagal na Cristo para sa katangi-tanging mga Cristiano. Handa ba tayong manatili sa Kanya para makapamunga tayo?"[17]

At bilang huli, sinabi ni C. A. Coates:

> Ang pagkakilala kay Cristong nasa kaluwalhatian ang pinakadakilang nais ng puso ni Pablo, at kasama ng naising ito ang isang mainit na pananabik na makarating sa kinaroroonan ni Cristo. Samakatuwid, ang pusong nananabik sa Panginoon ay tumutungo sa daang tinahak Niya patungo sa kaluwalhatian at may marubdob na hangaring maabot Siya roon sa pamamagitan ng daang iyon. Itinatanong ng puso, "Paano *Niya* narating ang kaluwalhatiang iyon? Sa pamamagitan ba iyon ng pagkabuhay na muli? At hindi ba't may mga kahirapan at kamatayan muna bago ang pagkabuhay na muli? At sasabihin ng ating puso, "Walang makakapagpasaya sa akin kundi ang marating Siya roon sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng daang tinahak *Niya* patungo roon." Ganito ang puso ng isang martir. Nais ni Pablo na lumakad na isang martir sa daan ng paghihirap at kamatayan tulad din ng tinahak ni Cristo para maabot ang kaluwalhatian ng Panginoon ng kanyang puso.[18]

**3:11** Mahirap ding ipaliwanag ang talatang ito. Dapat bang bigyan natin ito ng espirituwal na kahulugan o gawing literal? Maraming paliwanag ang ibinigay rito, at narito ang ilang pangunahing mga paliwanag:

1. Hindi raw tiyak si Pablo na muli siyang bubuhayin sa mga patay, kaya buong pagsisikap niyang tinitiyak na maging kabahagi siya roon. Imposible ang paliwanag na ito! Palaging tinuturo ni Pablo na sa pamamagitan ng biyaya ang muling pagkabuhay at hindi sa pagsisikap ng tao. Isa pa, buong pagtitiwalang ipinahayag niya na kasali siya sa pagkabuhay na muli (2 Cor. 5:1–8).

2. Hindi raw tinutukoy ni Pablo ang pisikal na pagkabuhay muli, kundi sinasabi niya na nais niyang mamuhay sa paraang alinsunod sa isang muling binuhay habang naririto pa siya sa lupa. Marahil maraming nagpapaliwanag ng Biblia ang sang-ayon sa paliwanag na ito.

3. Ang tinutukoy rito ni Pablo ay ang pisikal na pagkabuhay muli, pero hindi siya nag-aalinlangan na kasali siya rito. Sa halip, ang ibig niyang sabihin ay hindi siya nababahala sa daranasin niyang mga kahirapan patungo sa pagkabuhay muli. Handa siyang dumanas ng malulubhang pagsubok at pag-uusig kung ito ang kakaharapin niya bago dumating ang pagkabuhay muli. Hindi nangangahulugan ng pag-aalinlangan ang pahayag na **"sa anumang paraan"** (tingnan ang Mga Gawa 27:12; Rom. 1:10; 11:14), kundi ng maalab na pagnanais o hangarin na hindi tinitingnan ang halaga.

Sumasang-ayon kami sa pangtlong paliwanag. Nais ng apostol na matulad kay Cristo. Dahil nagdusa si Cristo, namatay, at nabuhay mula sa mga patay, walang ibang nais si Pablo sa kanyang sarili kundi ganito rin. Kung minsan, ang pagnanasa natin sa mga bagay na makakapagbigay sa atin ng ginhawa, luho, at kaalwanan ang nagiging dahilan para hindi natin madama ang matatalas at nakakasugat na mga katotohanan ng mga talatang ito sa Biblia. Hindi kaya mas mabuti kung titingnan natin ang mga ito ng literal, maliban na lamang kung hindi naayon ang diwa sa isinasaad ng ibang bahagi ng Biblia?

Bago natin tuluyang iwan ang talatang ito, dapat nating pansinin na ang binabanggit ni Pablo ay ang **muling pagkabuhay mula** *sa mga* **patay.** Hindi ito ang pagkabuhay muli sa lahat ng mga patay. Kundi, tinutukoy nito ang **muling pagkabuhay** kung saan ang iba ay bubuhayin, pero mananatili ang iba sa libingan. Nalalaman natin sa 1 Mga Taga-Tesalonica 4:13–18 at 1 Mga Taga-Corinto 15:51–57 na muling bubuhayin ang mga mananampalataya sa pagbabalik ni Cristo (ang iba ay sa *Rapture* at ang iba ay sa katapusan ng *Tribulation*), pero ang ibang mga patay ay bubuhayin lamang pagkatapos ng Isang Libong Paghahari ni Cristo sa daigdig; tingnan ang Pah. 20:5

**3:12** Hindi itinuturing ng apostol na **sakdal na** siya. Hindi tumutukoy ang **sakdal na** sa pagkabuhay muli na nasa naunang talata, kundi sa buong paksa na pagkatulad kay Cristo. Hindi posibleng matamo ang kalagayan ng walang pagkakasala kung hindi nagpapatuloy na maging ganap. Nalaman niya na "ang kasiyahan ang libingan ng pag-unlad."

Kaya nagpapatuloy siya para matupad ang layunin ng pagliligtas ng Panginoong Jesus sa kanya. Tinagpo ni **Cristo Jesus** ang apostol sa daan patungong Damasco. Ano ang dahilan ng pangyayaring ito? Ito ay para mula sa araw na iyon ay maging halimbawa si Pablo sa mga mananampalataya at maipakita ng Diyos sa pamamagitan niya kung ano ang kayang gawin ni Cristo sa buhay ng isang tao. Hindi pa siya lubusang natutulad kay Cristo. Nagpapatuloy pa rin ang prosesong ito, at lubos na nasasanay si Pablo na ang gawain na ito ng biyaya ng Diyos ay magpatuloy at maging malalim.

**3:13** Ang taong ito na natutong masiyahan sa anumang materyal na bagay na mayroon siya (4:11) ay hindi kailanman nasisiyahan sa paglagong naabot niya sa espirituwal na buhay. Hindi

**© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal !** 

niya **inaaring** "narating" na niya ang layunin, gaya ng sinasabi natin ngayon. Ano ngayon ang ginawa niya?

**Ngunit isang bagay ang ginagawa ko.** Isa siyang taong may iisang layunin. May iisa siyang hangarin at pangarap. Katulad niya rito si David, na nagsabing, "Isang bagay ang hiningi ko sa Panginoon, na aking hahanapin."

**Nililimot ko ang mga bagay na nasa likuran** ay hindi lamang nangangahulugan ng kanyang mga kasalanan at kabiguan, kundi pati ang mga likas niyang karapatan, mga natamo sa buhay, at mga tagumpay na binanggit niya sa unahan ng kabanatang ito. Pati na rin ang tagumpay niya na espirituwal.

**At tinutungo ang mga bagay na hinaharap:** ito ang mga karapatan at pananagutan ng buhay Cristiano, maging sa pagsamba, paglilingkod, o sa personal na pag-unlad sa pag-uugaling Cristiano.

**3:14** Itinutuluad niya ang sarili sa isang mananakbo sa karera. Inilarawan ni Pablo ang sarili niya na buong lakas na nagsusumikap **para sa gantimpala ng dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus.**

**Ang mithiin** ay ang dulo ng karera**. Ang gantimpala** ay ang ipagkakaloob sa mananalo. **Ang mithiin** dito ay ang wakas ng buhay, at maaari din ang Hukuman ni Cristo. **Ang gantimpala** ay ang korona ng katuwiran na sinabi na rin ni Pablo na gantimpala sa mga tapat na naglingkod.

Kasama sa **dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus** ang lahat ng layunin ng Diyos sa pagligtas sa atin. Kabilang dito ang kaligtasan, pagkatulad kay Cristo, pagiging kasamang tagapagmana ni Cristo, isang tahanan sa langit, at mga di mabilang na iba pang pagpapalang espirituwal.

## VII. KATURUAN TUNGKOL SA MAKALANGIT NA PAMUMUHAY NA INIHALIMBAWA NG APOSTOL (3:15–21)

**3:15** Ang **mga nasa hustong gulang** ay dapat makihati kay Pablo sa pagiging handang magdanas ng hirap at mamatay para kay Cristo at gawin ang buong makakaya para maging katulad ang Panginoong Jesus. Ito ang mataas na diwa ng pananampalatayang Cristiano. Maaaring sabihin ng iba na ito ay kalabisan, kasukdulan, o para lamang sa panatiko. Pero sinasabi ng apostol na sa mga lumalagong mananampalataya, ang mga bagay na ito ang siya lamang karapat-dapat, matino, at makatuwirang ganti sa Kanya na nagbuhos ng sariling dugo para sa kanila sa Kalbaryo.

**At kung iba ang inyong iniisip tungkol sa anumang bagay, ito rin ay ipahahayag sa inyo ng Diyos.** Nalalaman ni Pablo na maraming hindi sang-ayon sa mapanganib niyang panuntunang ito. Pero naniniwala siya na kung talagang nais ng isang taong malaman ang katotohanan sa mga bagay na ito, **ipahahayag** ito **ng Diyos** sa kanya. Ang dahilan kung bakit kampante at

mapagwalang-bahala ang mga Cristiano sa panahong ito ay dahil ayaw nating malaman ang katotohanan; ayaw nating sumunod sa hinihingi ng tunay na Cristianismo. Handa ang **Diyos** na ipakita ang katotohanan sa mga handang sumunod dito.

**3:16** Idinagdag pa ng apostol na sa ngayon, mamuhay tayo sa anumang liwanag na ibinigay ng Panginoon sa atin. Huwag tayong maghintay ng panahong makamit na muna natin ang higit na kaalaman ng dapat nating gawin bilang mga Cristiano. Habang hinihintay natin ang Panginoon na ihayag sa atin ang ganap na kahulugan ng krus sa ating buhay, dapat nating sundin ang anumang **naabot na** nating katotohanan.

**3:17** Nagbigay naman ngayon ng payo si Pablo. Hinimok niya ang mga taga-Filipos na maging tagasunod, o sumunod sa halimbawa niya. Talagang isang napakagandang halimbawa ang buhay ni Pablo. Madalas nating marinig ang mga salitang, "Sundin ninyo ang sinasabi ko, huwag ang ginagawa ko." Pero hindi ganoon ang apostol! Naibibigay niyang halimbawa ang kanyang buhay na may buong puso at katapatan sa pagtupad ng kalooban ni Cristo.

Sinabi ni Lehman Strauss:

> Itinuring ni Pablo ang kanyang sarili na pinagkalooban siya ng biyaya ng Diyos para maging "huwaran", kaya nga, kasunod ng pagkakaligtas sa kanya, inilaan niya ang buong buhay niya sa pagpapahayag sa iba kung paano mamuhay ang isang Cristiano. Iniligtas ng Diyos si Pablo para maipakita sa kanyang pagkakaligtas na kung ano man ang nagawa ni Jesu-Cristo sa buhay ni Pablo ay kaya ring gawin ng Diyos sa iba at gagawin din Niya ito. Hindi ba't ito ang tanging dahilan ng Panginoon sa pag-abot ng Kanyang habag sa iyo at sa akin? Naniniwala akong iniligtas Niya tayo para maging halimbawa sa lahat ng mga magiging mananampalataya sa hinaharap. Nagsisilbi ba tayong halimbawa ng mga iniligtas ng Kanyang biyaya? Maging ganoon sana![19]

**At tandaan ninyo ang mga lumalakad ng gayon, ayon sa halimbawang nakikita ninyo sa amin.** Tumutukoy ito sa iba pang namumuhay ng gaya ng buhay ni Pablo. Hindi nito ibig sabihin na huwag silang sang-ayunan gaya ng sa susunod na talata, kundi, tingnan sila para sundin ang lakad nila.

**3:18** Kung nagsasabi ang talatang 17 sa mga mananampalataya ng *dapat* nilang tularan, binabanggit naman ng talatang ito ang mga *hindi* natin *dapat* tuluran. Hindi tiyakang tinukoy ng apostol kung sino ang mga ito. Hindi niya sinabi kung sila ang mga nagtuturo ng maling aral sa talatang 2, o mga nagkukunwaring gurong Cristiano na ginagawang dahilan ang kalayaan para magkasala, at ginagamit ang biyaya ng Diyos bilang katuwiran sa paggawa ng kasalanan.

Binalaan ni Pablo ang mga banal tungkol sa mga taong ito noong una, at inuulit na naman niya ngayon na may **pagluha.** Pero bakit may luha sa gitna ng mahigpit na mga pangaral na ito? Ang dahilan ay ang malaking pinsalang idinudulot ng mga taong ito sa iglesya ng Diyos. Dahil sa mga buhay na kanilang winasak. Dahil sa kahihiyang dinala nila sa pangalan ni Cristo. Dahil sa pagsira nila sa tunay na kahulugan ng krus. Oo, at dahil sa ang tunay na pag-ibig ay lumuluha kahit na tinutuligsa **ang mga kaaway ng krus ni Cristo,** gaya ng pagluha ng Panginoon sa tampalasang lungsod ng Jerusalem

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

**3:19** Patungo sa kapahamakang walang hanggan ang mga taong tulad nito. Hindi sila malilipol, kundi hahatulang maghirap sa dagat-dagatang apoy magpakailanman.

Ang **kanilang tiyan** ang kanilang **diyos.** Lahat ng ginagawa nila, kahit na ang pagtuturo at paglilingkod sa ngalan ng relihiyon, ay para sa pambili ng pagkain (at maging alak) para masiyahan ang kanilang katawang laman. Inilarawan ni F.B. Meyer ang mga taong ito: "Walang kapilya sa buhay nila. Puro kusina lamang."

Ang **kanilang kahihiyan** ang kanilang **kapurihan.** Ipinagmamalaki nila ang mga bagay na dapat ikahiya—ang kanilang kahubaran at mga gawaing mahalay.

Nakatuon ang mga isip nila sa **mga bagay na makalupa.** Para sa kanila, ang pinakamahalagang mga bagay sa buhay ay pagkain, damit, karangalan, kaginhawaan, at kaaliwan sa buhay. Hindi nakakabahala sa kanilang pagtatampisaw sa putik ng mundong ito ang mga bagay na makalangit at pangwalang hanggan. Patuloy sila sa ganitong gawain na tila ba mabubuhay sila sa mundo magpakailanman.

**3:20** Inilarawan ngayon ng apostol ang isipang makalangit ng isang tunay na mananampalataya. Nang sinulat ang Liham na ito, isang bayang nasa ilalim ng pamamahala ng Roma ang Filipos (Mga Gawa 16:12). Mamamayan ng Roma ang mga taga-Filipos, at tinatamasa nila ang pag-iingat at mga karapatang ipinagkakaloob nito. Bukod dito, mamamayan din sila ng sarili nilang pamahalaan. Sa ganito ipinapaalala ng apostol sa mga mananampalataya na ang **pagkamamamayan** nila **ay nasa langit.** Sa bersyon ni Moffatt: "Isa tayong kolonya ng langit."

Hindi nito ibig sabihin na ang mga Cristiano ay hindi na *rin* mamamayan ng bansa nila. Itinuturo ng ibang bahagi ng Kasulatan na dapat tayong pasakop sa mga pamahalaan dahil hinirang sila ng Diyos (Rom. 13: 1–7). Tunay na dapat maging masunurin ang mga mananampalataya sa pamahalaan sa lahat ng bagay na hindi ipinagbabawal ng Panginoon. Sakop ang mga taga-Filipos ng sarili nilang gobyerno at ng Emperador ng Roma. Kaya naman, may pananagutan ang mga mananampalataya sa mga pamahalaan dito sa lupa, pero ang una nilang katapatan ay sa Panginoon ng langit.

Hindi lamang tayo mamamayan sa langit, kundi, **hinihintay natin ang Tagapagligtas** mula sa langit! Makapangyarihang wika (sa orihinal) ang mga salitang **hinihintay naman.** Ipinapahayag ng mga salitang ito na inaasahan ang isang bagay na pinaniniwalaang darating. Literal nitong ibig sabihin na nakatunghay ang ulo at leeg na tila may isang masidhing pananabik na marinig o makita ang isang bagay.

**3:21** Sa sandaling dumating ang Panginoong Jesus mula sa langit, babaguhin Niya ang ating mga katawang lupa. Walang masama sa mismong katawang lupa. Ang kasamaan ay nasa maling mga gawain na ipinamumuhay.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Pero isa itong **hamak na katawan,** isang katawan ng kahihiyan. Isa itong katawang kumukulubot, nasusugatan, tumatanda, naghihirap, nagkakasakit, at namamatay. Nililimitahan tayo nito at pinapahirapan.

**Babaguhin** ito ng Panginoon para maging katawan ng kaluwalhatian. Hindi natin alam ang lawak ng kahulugan nito. Ang bagong katawang ito ay walang pagkabulok o kamatayan. Katawan ito na walang hanggan at hindi nahahadlangan ng anumang bagay. Tunay na katawan ito na ganap na angkop sa kalagayan sa langit. Tulad ito ng **katawan** ng Panginoong Jesus nang mabuhay Siyang muli.

Hindi ito nangangahulugan na magkakaroon tayo ng pare-parehong anyo. Nakikilala pa rin si Jesus matapos Siyang mabuhay muli, at walang dudang magtataglay ang bawat tao ng sarili niyang anyo o hitsura ng pagkakakilanlan doon sa walang hanggan.

Hindi rin itinuturo ng talatang ito na magiging tulad tayo ng Panginoong Jesus sa katangian Niya ng pagka-Diyos. Kailanman ay hindi tayo magkakaroon ng lahat ng kaalaman at lahat ng kapangyarihan; at hindi rin tayo magiging nasa lahat ng dako sa isang sandali.

Pero magiging katulad tayo ng Panginoong Jesus sa moralidad. Magiging malaya tayo sa kasalanan magpakailanman. Hindi sapat ang talatang ito para sagutin ang lahat ng mga tanong natin, pero sapat na ito para makapagbigay ng kaaliwan at magpaalab sa ating pananampalataya.

**Ayon sa kapangyarihan na kumikilos sa Kanya upang mapailalim sa Kanyang sarili ang lahat ng mga bagay.** Ang kapangyarihang makalangit na gagamitin ng Diyos sa pagbabago ng katawan natin ay siya ring gagamitin Niya **upang mapailalim sa Kanyang sarili ang lahat ng mga bagay.** "May kakayahan Siyang magligtas" (Heb. 7:25). "Makakasaklolo" Siya (Heb. 2:18). "May kakayahan Siyang mag-ingat" (Jude 24). At ngayon, sa talatang ito, nalaman natin na **maipapailalim** Niya. "Na ito … ang ating Diyos magpakailanman. Siya'y magiging ating patnubay magpakailanman" (Aw. 48:14).

## VIII. PAKIUSAP PARA SA PAGKAKAISA, PAGTUTULUNGAN, KAGALAKAN, PAGTITIIS, PAGIGING MAPANALANGININ, AT PAGKAKAROON NG ISANG DISIPLINADONG BUHAY (4:1–9)

**4:1** Batay sa kamangha-manghang pag-asa na sinabi ng apostol sa nakaraang talata, ipinapangaral naman niya ngayon sa kanila na **magpakatibay sa Panginoon.** Punong-puno ang talatang ito ng mga salita ng pag-ibig na ginamit para sa mga mananampalataya. Una sa lahat, tinawag sila ni Pablo na **mga kapatid.** Hindi lamang kanyang mga kapatid—kundi **mga kapatid kong minamahal.** At pagkatapos ay idinagdag pa niya na sila ay pinananabikan niya. Nananabik siyang makapiling silang muli. Sinabi rin niya na sila ay ang kanyang **katuwaan at putong.** Walang dudang ang ibig niyang sabihin ay sila ang kanyang **katuwaan** sa kasalukuyan at magiging **putong** niya sa Hukuman ni Cristo. At sa huli, tinapos niya ang talata ng salitang **minamahal.** Tunay na mahal ni Pablo ang mga tao at walang duda na isa ito sa mga lihim ng mabisa niyang paglilingkod sa Panginoon.

**4:2** Mga kababaihan sina **Euodias** at **Sintique** sa iglesya sa Filipos na hindi magkasundo. Hindi ibinigay sa atin ang mga detalye ng kanilang hindi pagkakaunawaan (at marahil ay mabuti na ngang ganoon).

Dalawang ulit ginamit ng apostol ang salitang **nakikiusap** para ipakita na ang pakiusap niya ay hindi lamang para sa isa kundi para sa kanilang dalawa. Pinakiusapan sila ni Pablo na **magkaisa ng pag-iisip sa Panginoon.** Imposible para sa atin na magkaisa sa lahat ng mga bagay sa pang-araw-araw nating buhay. Pero kung tungkol sa mga bagay **sa Panginoon**, posible nating isantabi ang maliliit nating pagkakaiba at hindi pagkakasundo para mabigyang karangalan ang Panginoon at lumago ang Kanyang gawain.

**4:3** Maraming kuro-kuro sa katauhan ng **tapat na katuwang** (o tapat na kasama o *yoke-fellow*[20] sa wikang Ingles) na tinukoy ni Pablo sa talatang ito. May nagmumungkahi na ito raw ay si Timoteo o si Lucas. Pero marahil si Epafrodito ang tinutukoy rito. Hinihiling sa kanya na **tulungan ang mga babaing ito** na **nagpagal sa ebanghelyo** kasama ni Pablo. Ang mga babaing ito ay sina Euodias at Sintique, at nagbibigay si Apostol Pablo ng magandang payo batay sa karanasan. Malimit na kapag nag-aaway ang dalawang tao, maaayos ito sa tulong ng ibang tao—isang taong may ganap at espirituwal na paghatol. Hindi ibig sabihin na siya ang nagkataong kikilos sa problema at magbibigay ng sariling kapasiyahan. Sa halip, sa pamamagitan ng pagsangguni sa Salita ng Diyos ay maipapakita niya sa dalawang nag-aaway ang solusyon sa kanilang problema batay sa Kasulatan.

Dapat maging maingat sa pagpapaliwanag ng mga salitang " [sila'y] **nagpagal na kasama ko sa ebanghelyo."** Hindi dapat ipalagay na ang ibig sabihin nito ay nangaral din sila ng ebanghelyo kasama si Apostol Pablo. Maraming paraan ang magagawa ng mga babae sa ikalalaganap ng ebanghelyo. Katulad na lamang ng pagtanggap sa mga lingkod ni Cristo, pagdalaw sa mga bahay-bahay, pagtuturo sa mga nakakabatang kababaihan at mga bata, na hindi ginagampanan ang pagtuturo o pangangaral sa publiko.

Nabanggit din ang isang kamanggagawang si **Clemente.** Walang iba pang tiyak na nalalaman tungkol sa kanya. Pagkatapos ay binanggit ni Pablo ang **iba p**a niyang **mga kamanggagawa, na ang kanilang pangalan ay nasa Aklat ng Buhay.** Isa itong magandang paraan ng pagsasabi ng tungkol sa walang hanggan at hindi masayod na biyaya sa pagtitiwala kay Cristo at paglilingkod sa Kanya.

**4:4** Bumaling naman ngayon si Pablo sa buong iglesya. At inulit niya ang paboritong pangaral. Ang susi sa kanyang pangaral ay makikita sa mga salitang **sa Panginoon.** Gaano man kadilim ang mga pangyayari sa buhay, palaging posible para sa Cristiano na **magalak sa Panginoon.**

Ibinahagi ni Jowett ang karanasan niya tungkol sa kagalakan ng isang Cristiano:

> Hindi nakabatay sa mga pangyayari sa kapaligiran ang kagalakan ng isang Cristiano. Kung dulot lamang ito ng mga nangyayari sa ating paligid, wala itong katiyakan, tulad ng isang kandilang may sindi na walang pansanggalang sa malakas na hangin sa gabi. Sandali lamang na magliliwanag at maya-maya, liliit ang ningas o mamamatay na. Walang kaugnayan ang kagalakang Cristiano sa pansamanatalang

kalagayan ng buhay, kung kaya't hindi ito pabago-bago. Maaaring sa ngayon ang kalagayan ko ay masaya na parang isang maaliwalas na araw sa Hunyo; at kinabukasan ay tulad ng mapanglaw na araw sa Nobyembre. Isang araw ay nasa kasalan ako; at kinabukasan ay sa tabi ng libingan. Isang araw, sa aking paglilingkod, sampung kaluluwa ang madadala ko sa Panginoon; at pagkatapos ay matagal na walang ni isang kaluluwang mailapit sa Kanya. Oo, pabago-bago gaya ng panahon ang mga araw, pero maaaring magpatuloy ang kagalakan ng isang Cristiano. Ano ang lihim ng maluwalhating pananatili nito?

Narito ang lihim. "Ako'y kasama ninyo *palagi*." Sa lahat ng pabago-bagong araw, "Hindi Siya nagbabago, ni hindi napapagod." Tapat si Jesus at hindi niya ako iiwan kapag naging madilim at malamig ang taon. Hindi Niya pinipili ang mga araw na may tuwa, at hindi Siya nawawala sa mga araw ng kapighatian at kabiguan. Hindi lamang Siya nagpapakita tuwing matagumpay ako, at hindi Siya nagtatago kapag nagdurusa ako. Kasama ko si Jesus "palagi"—sa kasaganaan at sa kasalatan; sa mga paglilibing at sa mga kasalan. "Palagi." Sa araw ng kabuhayan—sa araw ng kamatayan—sa araw ng paghatol.[21]

**4:5** Pinapayuhan sila ngayon ni Pablo na **malaman nawa ng lahat ng mga tao** ang kanilang **kahinahunan.** Isinalin din ito na kababaang loob, kaamuan, o pagiging mapagbigay sa kapwa. Hindi mahirap *intindihin* ang ibig sabihin nito, kundi mahirap *sundin* ang utos sa **"lahat ng mga tao."**

**Ang Panginoon ay malapit na** ay maaaring mangahulugan na narito na ang Panginoon sa kasalukuyan, o malapit na ang pagbabalik Niyang muli. Parehas na totoo ito, pero mas sang-ayon kami sa huling pananaw.

**4:6** Posible ba talaga para sa isang Cristiano na **huwag mabalisa sa anumang bagay?** Posible ito hangga't makakadalangin tayo ng may pagtitiwala. Sinasabi ng kabuuan ng talata kung paano tayo lalaya sa kasalanan ng pagkabalisa. Lahat ng bagay ay dapat dalhin sa Panginoon sa pamamagitan ng **panalangin.** Ibig sabihin ng lahat ng mga bagay ay iyon talagang *lahat ng mga bagay*. Walang bagay na napakalaki o napakaliit sa mapagmahal Niyang pangangalaga!

Ang **panalangin** ay parehong pagkilos at kalagayan. Lumalapit tayo sa Panginoon sa mga tiyak na sandali at dinadala sa Kanya ang mga kahilingan natin. At maaari din tayong mabuhay sa isang *kalagayang* mapanalanginin. Posible na ang kalagayan ng ating buhay ay isang buhay na mapanalanginin. Marahil ang salitang *panalangin* sa talatang ito ay sumasagisag sa pangkalahatang saloobin ng ating buhay, samantalang ang **pagsamo** ay tungkol sa tiyak na **mga kahilingang** dinadala natin sa Panginoon.

Dapat din nating pansinin na ang **mga kahilingin** natin ay dapat **ipaalam sa Diyos na may pasasalamat.** May nagbuod ng talatang ito at sinabi niya na dapat tayong "huwag mabalisa sa anuman, maging mapanalanginin sa lahat ng bagay, mapagpasalamat sa anumang bagay."

**4:7** Kung ganito ang saloobin natin sa buhay, **ang kapayapaan ng Diyos, na hindi maabot ng pag-iisip, ang mag-iingat** ng ating **mga puso at mga pag-iisip kay Cristo Jesus. Ang kapayapaan ng Diyos** ay isang banal na kapahingahan at kasiyahan na umaapaw sa kaluluwa ng isang mananampalataya kung umaasa nang lubos sa Diyos.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Nakasalig kay Jehovah,
Puso'y puno ng pagpapala;
Gaya ng pangako Nya,
Nakasumpong ng ganap na kapayapaan at kapahingaan.
—Frances Ridley Havergal

**Ang kapayapaang** ito **na hindi maabot ng pag-iisip.** Hindi ito maintindihan ng mga tao ng sanlibutan at kahit na ang mga Cristianong nagtataglay na nito ay nakakasumpong doon ng kahanga-hangang hiwaga. Namamangaha sila dahil wala silang kabalisahan sa gitna ng trahedya o kasawian sa buhay

Nagsisilbing kanlungan ng puso at isipan ang **kapayapaang** ito. Isang mahalagang gamot ito sa panahon ngayon para sa mga karamdaman dulot ng sobrang pag-iisip.

**4:8** Nagbigay naman ang apostol ng payo tungkol sa ating mga isipan. Tinuturo saanman sa Biblia na puwede nating kontrolin ang ating isipan. Hindi natin puwedeng idahilan na wala tayong magagawa kung puno ng masasamang bagay ang ating mga isipan. Ang totoo ay *may* magagawa tayo. Nakasalalay ito sa positibong pag-iisip. Kilala na ngayon ang prinsipyong ito—ang kapangyarihang inilalabas ng isang bagong pag-ibig. Hindi maaaring magsama sa pag-iisip ng isang tao ang masasamang bagay at ang mga bagay tungkol sa Panginoong Jesus na malinis at matuwid. Kapag dumating sa isipan niya ang masama, dapat niyang alisin iyon kaagad sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay sa Persona at ginawa ni Cristo. Sumasang-ayon din sa turo ni Apostol Pablo ang mga *psychologist* at *psychiatrist* sa panahon ngayon tungkol sa bagay na ito. Ayon sa kanila, mapanganib mag-isip ng mga bagay na negatibo.

Hindi na kailangan pang maghanap nang matagal para makita ang Panginoong Jesu-Cristo sa talatang 8. Lahat ng **totoo, kagalang-galang, matuwid, malinis, kaibig-ibig, kapuri-puri,** mayroong kagalingan, at anumang **nararapat papurihan** ay matatagpuan sa Kanya. Isa-isahin natin ang magagandang katangiang ito: Ibig sabihin ng **totoo** ay hindi kasinungalingan o pandaraya, kundi tunay at dalisay. Ang **kagalang-galang** ay marangal o matapat. Ang **matuwid** ay makatarungan sa tingin ng Diyos at ng tao. Tumutukoy ang **malinis** sa pinakamataas na antas ng pag-uugali ng isang tao. Ang **kaibig-ibig** ay iyong kahanga-hanga o nakakalugod malasin o isipin. Naisalin din ang **kapuri-puri** na "walang masamang masasabi". Siyempre, ang **kagalingan** ay tumutukoy sa mataas na moralidad; at ang anumang **nararapat papurihan** ay anumang karapat-dapat sa papuri.

Sa talatang 7, tiniyak ni Pablo sa mga banal na iingatan ng Diyos ang kanilang mga puso at isipan kay Cristo Jesus. Gayunman, pinaalalahanan sila ni Pablo na may tungkulin din sila sa bagay na ito. Hindi iniingatan ng Diyos ang isipan ng taong *ayaw* maging malinis ito.

**4:9** Muling iniharap ni Pablo ang sarili niya bilang isang ulirang banal. Pinakiusapan niya ang mga mananampalataya na isagawa nila **ang mga bagay na natutuhan** nila sa kanya at **nakita** nila sa kanyang buhay.

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

Ang pagiging kasunod ng talatang ito sa talatang 8 ay mahalaga. Bunga ng tamang pag-iisip ang tamang pamumuhay. Kung malinis ang isipan ng isang tao, magiging malinis din ang buhay niya. Samantala, kung bukal ng kasamaan ang isipan ng isang tao, makakasiguro ka na ang tubig na dadaloy rito ay marumi rin. At dapat nating tandaan na kapag matagal nang nasa isipan ng isang tao ang isang masamang bagay, di maglalaon at gagawin niya iyon.

Pinangakuan ang mga tapat na sumusunod sa halimbawa ng apostol **na sasakanila ang Diyos ng kapayapaan.** Sa talatang 7, ang kapayapaan ng Diyos ang bahagi ng mga mapanalanginin; dito, **ang Diyos ng kapayapaan** ang Kasama ng mga banal. Ang ibig sabihin nito ay magiging napakalapit at mapagmahal ng Diyos sa pang-araw-araw na buhay ng mga taong namumuhay sa katotohanan.

## IX. PASASALAMAT NI PABLO SA PINANSYAL NA TULONG MULA SA MGA KAPATIRAN (4:10–20)

**4:10** Sa mga talatang 10 hanggang 19, nagsalita si Pablo tungkol sa kaugnayan niya at ng iglesya sa Filipos hinggil sa tulong na pananalapi. Gaano kahalaga ang mga talatang ito sa mga banal ng Diyos na tinatawag na maglingkod at nagdadanas ng kasalatan at kahirapan sa pananalapi!

Nagagalak **na ngayon** si Pablo, na pagkaraan ng mahabang panahon, muling nagpadala ang mga taga-Filipos ng tulong na salapi sa gawain ng Panginoon. Hindi niya sinisisi ang mga ito sa panahon na wala silang maipadalang tulong, sa halip ay pinahalagahan niya ang pagnanais nila na magpadala ng tulong sa kanya pero **wala** silang **pagkakataon.** Isinalin ito ni Moffatt ng ganito: “Hindi ang kanilang pagmamalasakit ang kulang kundi ang pagkakataong maipadama iyon.”

**4:11** Napakagandang malasin ang ingat at kagandahang-loob na ginamit ni Pablo sa pagtalakay niya tungkol sa pananalapi. Ayaw niyang isipin nila na nagrereklamo siya dahil sa kakulangan. Sa halip, gusto niyang malaman nila na nasisiyahan siya kahit ano man ang kalagayan niya. **Natutuhan** niyang **masiyahan** ano pa man ang pinansyal niyang kalagayan. Ang kasiyahan ay higit na dakila kaysa kayamanan, dahil “kung hindi nakakapagdulot ng kayamanan ang kasiyahan, sa pamamagitan naman ng kasiyahan ay naaalis ang pagnanais na yumaman.”

“Isang magandang lihim kung matututuhan ng isang mananampalataya na itaas ang kanyang noo kahit walang laman ang tiyan, tumingin ng tuwid kahit wala ni isang kusing sa bulsa, mapuno ng kasiyahan ang puso kahit walang sahod, makatagpo ng kagalakan sa Diyos sa panahon na ang mga tao ay hindi matapat” (Pinili).

**4:12** Alam ni Pablo kung paano **magpakababa** o kulang sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay; at alam din niyang **magpakasagana,** o magkaroon ng higit kaysa sa pangangailangan niya. **Sa bawat bagay at sa lahat ng bagay, natutuhan** niya **ang sa kabusugan at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan.** Paano ito **natutuhan** ng apostol? Sa simpleng paraan lamang: nananalig si Pablo na nasasakop

siya ng kalooban ng Diyos. Alam niyang kahit saan mang dako, o ano mang kalagayang matagpuan niya ang sarili niya, ang Diyos ang naglagay sa kanya roon. Kung **nagugutom** siya, ito ay dahil gusto ng Diyos na magutom siya. Kung **busog** siya, ito ay binalak ng Diyos para sa kanya. Abala at tapat sa paglilingkod sa kanyang Hari, masasabi ni Pablo na, "Gayon nga po, Ama, dahil gayon po ang nakakalugod sa Inyong paningin."

**4:13** Pagkatapos ay idinagdag ng apostol ang mga salitang naging palaisipan sa marami: **"Lahat ng bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin."** Literal ba ang ibig niyang sabihin dito? Naniniwala ba talaga ang apostol na walang bagay na hindi niya magagawa? Ito ang sagot: Nang sabihin ni Apostol Pablo na **lahat ng bagay** ay **magagawa** niya, ibig niyang sabihin ay **lahat ng bagay** na kalooban ng Diyos na gawin niya. Natutuhan niya na ang mga utos ng Panginoon ay magagawa sa kakayahang galing din sa Panginoon. Nalalaman ni Pablo na hindi siya tatawagin ng Diyos na ganapin ang isang gawain nang hindi siya bibigyan ng kaukulang biyaya. Marahil ang **lahat ng mga bagay** ay hindi tungkol sa mga kahanga-hangang kakayahan o katalinuhan kundi mga pagsubok sa kahirapan at kasalatan sa buhay.

**4:14** Sa kabila ng lahat ng kanyang sinabi, nais ni Pablo na malaman ng mga taga-Filipos na **mabuti ang ginawa** nila na **pakikiramay sa** kanyang **kapighatian.** Ito marahil ay tumutukoy sa perang ipinadala nila para matugunan ang pangangailangan niya habang nakabilanggo siya.

**4:15** Sa mga nakaraang panahon, namukod ng husto ang **mga taga-Filipos** sa biyaya ng **pagbibigay.** Noong pasimula ng paglilingkod ni Pablo, **nang umalis** siya **sa Macedonia, wala ni isang iglesya na nakipagkaisa** sa kanya sa pananalapi kundi ang iglesya sa Filipos.

Tunay na kapansin-pansin kung paanong ang tila hindi gaanong mahahalagang detalye ay nakatala na panghabang-panahon sa Salita ng Diyos. Nagtuturo ito sa atin na kung ano ang ibinigay sa mga lingkod ng Panginoon ay sa Diyos ito ibinigay. Interesado Siya sa bawat sentimo. Itinatala ng Diyos ang lahat ng ginagawa para sa Kanya, at binibigyang ganti ng takal na mabuti, siksik, liglig, at umaapaw.

**4:16** **Kahit na** siya ay nasa **Tesalonica, nagpapadala** sila **minsan at muli para** sa pangangailangan niya. Malinaw na namumuhay ang mga taga-Filipos nang malapit sa Panginoon kaya pinapatnubayan Niya sila sa kanilang pagkakaloob. Naglagay ng pasanin ang Banal na Espiritu sa mga puso nila para kay Apostol Pablo. Tumugon sila sa pamamagitan ng pagpapadala ng pera sa kanya **minsan at muli** o makalawang beses. Kung iisipin natin na sandaling panahon lamang si Pablo sa Tesalonica, ay lalong nagiging kahanga-hanga ang pagmamalasakit nila sa kanya.

**4:17** Nakikita sa talatang ito ang lubos na paglimot ni Pablo sa kanyang sarili. Mas ikinagagalak niya ang kanilang pakinabang kaysa kanilang **kaloob.** Mas higit sa pagnanais niya sa tulong pinansiyal ang pananabik niyang dumami ang **bunga para sa** mga mananampalataya. Ganito ang mangyayari kung ang pera ay ibinibigay sa Panginoon. Nakatala ang lahat ng ito at gagantimpalaan ng daang-daang higit sa araw na darating.

Ang lahat ng mayroon tayo ay sa Panginoon, at kapag nagbibigay tayo sa Kanya, ibinibigay lamang natin sa Kanya ang dati nang Kanya. Ang mga Cristianong nagtatalo pa kung magbibigay ng ikapu o hindi ay hindi lubusang nakakaunawa ng kahulugan ng pagbibigay. Ang *tithe* o ikapu ay iniutos sa mga Israelita sa ilalim ng kautusan bilang pinakamababang halaga ng kaloob. Sa panahon ngayon ng biyaya, ang tanong ay hindi, "Magkano ang ibibigay ko sa Panginoon?" kundi, "Magkano lamang ang dapat kong iwan para sa aking sarili?" Dapat maging hangarin ng isang Cristiano na mabuhay ng matipid at may pagpapakasakit upang makapagkaloob ng higit pang bahagi ng kanyang kinikita sa gawain ng Panginoon para hindi mapahamak ang mga taong nais makapakinig ng ebanghelyo ni Cristo.

**4:18** Nang sabihin ni Pablo na **mayroon ako ng lahat,** ibig niyang sabihin ay **mayroon ako ng lahat** *ng aking kailangan,* **at sumasagana.** Tila kataka-taka sa kasalukuyang taon ng komersyalismo na marinig natin ang isang lingkod ng Panginoon na hindi humihingi ng tulong ng salapi, kundi nagsasabing mayroon siyang sapat na pangangailangan. Ang walang pagpipigil na paghingi ng tulong na salapi sa kasalukuyan ay isang karumal-dumal na gawain sa paningin ng Diyos at isang kahihiyan sa pangalan ni Cristo. Hindi lubos na kailangan ang mga ito. Minsang sinabi ni Hudson Taylor, "Ang gawain ng Diyos na ginagawa sa pamamaraan ng Diyos ay hindi kailanman magkukulang sa panustos ng Diyos." Ang hirap sa ngayon ay hindi natin lubos na maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng gumagawa para sa Diyos at ang gawain ng Diyos. Posibleng gumawa ng mga tinatawag na gawaing Cristiano, pero hindi naman kalooban ng Diyos. Kung saan sumasagana ang salapi, naroon din naman palagi ang malaking panganib na pumasok sa gawain na laban sa kalooban ng Diyos. Ang sabi pa ni Hudson Taylor: "Ang dapat nating lubos na katakutan ay hindi ang kakulangan ng panustos kundi ang labis na pananalapi na hindi nakatalaga sa kalooban ng Panginoon."

Inilarawan ni Pablo ang kaloob na salapi na ipinadala ng mga taga-Filipos kay **Epafrodito** na **mabangong samyo, isang handog na kaaya-aya at kalugod-lugod sa Diyos.** Ang tanging isa pang pagkakataon na ginamit muli ang mga salitang ito ay sa Efeso 5:2 na ang tinutukoy ay si Cristo mismo. Pinarangalan ni Pablo ang pagkakaloob na ginawa ng mga taga-Filipos sa pamamagitan ng paglalarawan kung gaano ito kahalaga sa Diyos. Pumailanlang ito bilang mabangong **handog** sa Kanya. Parehas itong **kaaya-aya** at **kalugud-lugod.**

Sinabi ni Jowett:

> Gaano kalawak, kung gayon, ang maaabot ng tila isang maliit na kabutihang iyon! Sa pag-aakala nating tumutulong tayo sa isang pulubi, ang katotohanan pala ay nakikipag-usap tayo sa Hari. Iniisip natin na ang halimuyak ay mananatili lamang sa maliit na kapaligiran, pero aabot pala iyon sa buong sanlibutan. Iniisip nating nakikipag-ugnayan lamang tayo kay Pablo, iyon pala ay naglilingkod tayo sa Tagapagligtas at Panginoon ni Pablo.[22]

**4:19** Idinagdag ngayon ni Pablo ang talatang ito na maituturing na pinakakilala at pinakaminamahal na talata sa buong kabanatang ito. Dapat nating pansinin na kasunod ng pangakong ito ang pagtalakay sa kanilang katapatan bilang katiwala. Sa maikling salita, dahil ibinigay nila ang kanilang mga tinatangkilik sa Panginoon, kahit na halos magkulang sila sa kanilang kabuhayan, **pupunuan ng Diyos** ang bawat nilang **kailangan.** Napakadaling kunin nang hiwalay ang talatang ito mula sa konteksto at gamiting kalasag ng mga Cristianong lumulustay ng salapi nila para sa kanilang sarili. Hindi man lamang nila naiisip ang

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

pangangailangan ng gawain ng Diyos. Tila sinasabi nila, "Di bale na. Pupunuan naman ng Diyos ang bawat pangangailangan natin."

Totoong **pinupunuan ng Diyos** ang pangangailangan ng mga anak Niya. Pero ang talatang ito ay tiyak na pangako na ang mga matatapat at taos-pusong nagbibigay kay Cristo ay hindi kailanman kakapusin.

Kadalasang nababanggit na pinupunuan ng Diyos ang pangangailangan ng Kanyang mga anak—hindi *mula sa* kayamanan Niya, kundi **ayon sa Kanyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus.** Kung ang isang milyonaryo ay nagbigay ng piso sa isang bata, nagbibigay siya *mula sa* kayamanan niya. Pero kung nagbigay siya ng isandaang libong piso sa isang kawang-gawa, magbibigay siya *ayon* sa kayamanan niya. Ang maipupuno ng Diyos ay **ayon sa Kanyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus,** at wala nang maaari pang humigit sa kayamanang iyon!

Tinawag ni Williams ang talatang 19 na isang tseke ng bangko ng pananampalataya:
**Aking Diyos**—ang pangalan ng may-ari ng Bangko.
**Pupunuan**—ang pangako ng pagbabayad.
**Ang bawat kailangan**—ang halaga ng tseke.
**Ayon sa Kanyang kayamanan**—ang puhunan ng bangko.
**Sa kaluwalhatian**—ang address ng bangko.
**Kay Cristo Jesus**—ang lagda sa ibaba, kung wala ito ay wala ring halaga ang tseke.[23]

**4:20** Sa pag-iisip ni Pablo ng masaganang kaloob ng Diyos ay nasabi niya ang papuring ito. Ito rin ang dapat sabihin ng bawat anak ng Diyos na nakakaranas ng mapagmahal na kalinga ng Diyos, hindi lamang sa pagpapatnubay, pagtulong laban sa tukso at maging sa pagpukaw Niya sa ating nanghihinang katapatan sa Kanya.

## X. PANGWAKAS NA MGA PAGBATI (4:21–23)

**4:21** Naiisip ni Pablo ang mga mananampalatayang nagkakatipon at nakikinig sa Sulat na isinulat niya para sa kanila, kaya binati niya **ang bawat banal kay Cristo Jesus** at inilakip din ang mga pagbati **ng mga kapatid na kasama** niya.

**4:22** Mamahalin natin ang talatang ito dahil sa pagkabanggit sa **mga kasambahay ni Cesar.** Maguguluhan tayo kung sino ang mga ito. Sino kaya sa sambahayan ni Nero ang tinutukoy rito? Sila kaya ang mga sundalong naatasang magbantay sa Apostol, at mga naligtas sa kanyang pagtuturo? Sila kaya ang mga alipin o mga nagtatrabaho sa palasyo? O baka naman kabilang dito ang ilang pinuno ng pamahalaang Romano? Hindi natin maaaring tiyak na malaman, pero mayroon tayong magandang larawan ng katotohanan na ang mga Cristiano, tulad ng mga gagamba, ay nakakarating din sa palasyo ng hari (Kaw. 30:28)! Walang kinikilalang hangganan ang ebanghelyo. Nakakalusot ito sa makakapal na mga pader. Maaari itong manatili sa kabila ng maraming mga pagnanais na pumigil dito. Tunay na ang pintuan ng Hades ay hindi makakapanaig sa iglesya ni Jesu-Cristo!

© by W. MacDonald – all rights reserved! Duplication without permission is illegal ! 

**4:23** Tinapos ngayon ni Pablo ang sulat sa paraan ng pagbati na nakaugalian na niya. Kuminang ang **biyaya** sa unang pahina ng Sulat na ito, at ngayon ay makikita muli sa katapusan. Mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig ng tao. Umaapaw ang puso ni Pablo sa pinakadakilang paksa sa lahat ng panahon—**ang biyaya ng** Diyos sa pamamagitan ni **Cristo**—at hindi nakakagulat na ang mahalagang katotohanang ito ay dumadaloy sa buhay niya.

Tinapos para sa atin ni Paul Reeds ang komentaryong ito:

> Ang pinakadakila sa lahat ng tao ay sumulat ng liham na maituturing na pinakamagiliw sa lahat ng kanyang mga liham. Tapos na ang gawain ng pag-ibig. Tapos na ang araw. Ang mga tanikala ay nakagapos pa rin sa pulso ng apostol. Nakabantay pa rin ang sundalo. Hindi bale! Malaya ang espiritu ni Pablo! Maliwanag ang kanyang isipan! Kumikinang ang puso niya!
>
> At kinabukasan, aalis si Epafrodito patungong Filipos![24]

## ENDNOTES

**1** (Intro) H. A. A. Kennedy, “Philippians,” *The Expositor’s Greek Testament,* III:407.

**2** (1:1) J. H. Jowett, *The High Calling*, p. 2.

**3** (1:7) W. E. Vine, *The Epistles to the Philippians and Colossians*, p. 23.

**4** (1:10) Ang salitang “sincere” (eilikrines) sa wikang Ingles ay nangangahulugang “unmixed” o “sun-proof”. Kung “unmixed” ang ibig sabihin nito, katulad nito ang ibig sabihin ng “sincere” sa wikang Ingles (literal na “without wax). Tatapyasin ng isang tapat na iskultor (sculptor) ang mga mali sa marmol na estatwang ginagawa niya. Ang hindi naman tapat na iskultor ay lalagyan ng wax ang bahaging may mga butas. Pero kapag nasikatan ito ng araw, matutunaw ang wax at makikita ang maling ginawa ng iskultor.

**5** (1:11) Lehman Strauss, *Devotional Studies in Philippians*, p. 63.

**6** (1:13) T. W. Drury, *The Prison Ministry of St. Paul*, p. 22.

**7** (1:20) Guy King, *Joy Way*, p. 33.

**8** (1:21) Jowett, *Calling*, p. 34.

**9** (2:1) F. B. Meyer, *Devotional Commentary on Philippians*, pp. 77-79.

**10** (2:5) King, *Joy Way*, p. 51.

**11** (2:6) E. H. Gifford, *The Incarnation*, pp. 44, 45.

**12** (2:11) Charles R. Erdman, hindi nakasaad ang iba pang impormasyon.

**13** (2:17) George Williams, *The Student's Commentary on the Holy Scriptures*, p. 931.

**14** (3:7) King, *Joy Way*, p. 81.

**15** (3:10) Jowett, *Calling*, p. 217.

**16** (3:10) *Ibid*., pp. 81, 82.

**17** (3:10) Hudson Taylor, quoted by Mrs. Howard Taylor in *Behind the Ranges*, p. 170.

**18** (3:10) C. A. Coates, *The Paths of Life and Other Addresses*, p. 127.

**19** (3:17) Strauss, *Philippians*, p. 202.

**20** (4:3) Ang *yoke-fellow* ay *su(n)zugos* sa salitang Griyego o Synzygus ang tawag dito. Kahit na hindi ito nakita sa ibang bahagi, maaaring ito ang pangalang tinatawag sa isang alipin.

**21** (4:4) Jowett, *Day by Day*, pp. 169-171.

**22** (4:18) *Ibid*, p. 225.

**23** (4:19) Williams, *Student's Commentary*, p. 934.

**25** (4:23) Paul Rees, *The Adequate Man*, p. 127.